







Mula kaliwa: Melvin Macapinlac, Ray John Santiago, Clinton Balbontin, Khalil Redoble, Joe Pulma, Abigail Esteban, Dyan Francisco, Toph Doncillo, Jeruscha Anne Villanueva, Jennicka Rhea Leorag, Donald Bertulfo



PATNUGUTAN 2014-2015

DYAN C. FRANCISCO
BFA ID '16
Punong Patnugot

JENNICKA RHEA N. LEORAG
BS ME '15
Katuwang na Patnugot

MELVIN D. MACAPINLAC
BS MIS MS CS '15
Nangangasiwang Patnugot
Patnugot ng Lapatan

RAY JOHN SANTIAGO
AB PoS '16
Patnugot ng Sulatin at Saliksikan

KHALIL ANDRE REDOBLE
BFA ID '16
Patnugot ng Sining

CRISTOPH DONCILLO
AB COM '15
Patnugot ng Web-Nilalaman

ABEGAIL ESTEBAN
AB Psy '15
Tagapamahala ng mga Proyekto at Pangyayari

CLINTON BALBONTIN
AB SOS '15
Tagapamahala ng Pandayan

JOEMARIE CARL PULMA
AB IS '15
Tagapamahala ng Pananalastas

JERUSCHA ANNE VILLANUEVA
BS HSc '15
Ingat-Yaman

DONALD JAY BERTULFO
AB Ec-H/AB Psy '15
Pangkalahatang Kalihim

Sulatin
Katuwang na Patnugot: Jerome Flores
Joff Bantayan, Joseph Bautista, JC Beltran, Chris Dagatan, Eliziah Gene Del Rosario, Alex Dungca, Hershey Dungo, Lance Gamboa, Allison Lagarde, Alyssa Leong, Ariane Lim, Clyde Maramba, Jose Medriano, Alija Pandapatan, JC Peralta, Franco Serrano, Kevin Solis, Eroll Yabut

Sining
Katuwang na Patnugot: Bianca Espinosa
Jacee Abarrientos, Jeffrey Agustin, Kitkat Carmona, Kim Pe-Aguirre, Leslie Lim, AC Luber, Leo Marcelo, Arantxa Ong, Rosalaine Pesarit, Aika Rey, Januel Rombaoa, Francheska Villanueva, Alex Yap, Kamille Yu

Lapatan
Jared Abubo, Lance Bitong, Kath Castillo, Jami Cudala, Benjhoe Empedrado, Ken Espina, Soleil Rivera, Marcel Villanueva

Web
Glenn Acaso, Lyka Aguilar, Katherine Alamares, Iroca Co, Louie Lava, Neil Moreno, Camille Palomares, Johann Timkang

Pandayan at Proyekto

Anne Lan Kagahastian-Candelaria, Ph.D.
Kagawaran ng Agham Politikal

Mark Benedict Lim
Kagawaran ng Filipino

Benjamin Tolosa, Jr. Ph.D.
Kagawaran ng Agham-Politikal
Tagapamagitan

Taingang Kawali

Ilang beses na ba tayong natawag na "apatetiko?"

Katambal na ng pagiging mag-aaral ng Ateneo ang matawag na mayabang. Kakaibang ere nga raw naman kasi ang ipinakikita ng Atenista, hindi lamang sa loob ng kanyang sariling pamantasan kundi maging sa labas nito. Ngunit mayroon pang mas matindi rito: ang Atenista, wala raw alam sa mga nangyayari sa kanyang paligid. Ang mas nakalulungkot pa nga kung minsan, maging ang mga kaganapan sa mismo nating pamantasan, hindi man lamang nabibigyang-pansin.

Sa husay at talino nga ba tayo nagkukulang? Hindi tayo mga ignorante, hindi lingid sa atin iyan. Alam nating ang angkin nating husay at talino ang mismong nagdala sa atin sa pamantasang ito. Iyon nga lang, tila ba hanggang dito lang tayo.

Sa bawat pagkakataong mapapadaan ka sa Gate 3.5 o daraan sa mga footbridge ng Katipunan, nakikita mo ba ang mga batang namamalimos? Sa bawat pagbukas mo ng telebisyon o ng pinakamamahal mong MacBook, nakakapanuod o nakababasa ka ba ng balitang tungkol sa kanilang mga namamarhinalisa? Ilang beses ka nang dumalo sa mga pagtitipong para sa mga guro ng pampublikong paaralan o kaya'y magsasaka?

Ilang beses mo nang sinabi sa sarili mong, "Wala naman akong magagawa, bakit ko pa idadawit ang sarili ko?"

Sa kasalukuyan, hindi na masusukat sa iisang sektor ang lumalalang bilang ng mga marhinalisado- mga indibidwal o organisasyong hindi nabibigyan ng representasyon at naisasantabi lamang. Sino nga ba ang mga marhinalisado?

Para sa Unang Isyu ng Tomo XXXIX, tatangkain ng Matanglawin na muling ipakilala ang marhinalisado sa iyo, Atenista. Binubuo ang natatanging isyu na ito ng kontribusyon mula sa mga indibidwal na maalam sa kani-kanilang larangan at sektor ng lipunan- mula agrikultura, kalusugan, agham at teknolohiya, hanggang sa kultura, musika, sining-biswal, at mass media.

Sa pamamagitan ng pagpapakilalang ito, hangad naming gabayan ka sa daan pababa ng burol. Mula rito, sana'y maramdaman mo ang kahalagahan ng pagtataya at pagdadawit ng sarili sa mga isyung labas sa kinagisnan mong mundo. Mayroon kang magagawa, kung tatangkain mong magsimula.



TUNGKOL SA PABALAT

sining ni Bianca Espinosa

Bahagi na ng pang-araw-araw na buhay ng tao ang salamin, gamit upang makita ang sariling pisikal na anyo. Gamit sa paghanap ng mumunting kapintasang maaaring mapansin ng lipunang haharapin, pag-aayos ng sarili, o simpleng pagtatanong, "Ano nga ba ang hitsura ko ngayong araw?"

Subalit sa likod ng nakasanayang mukha, hinahamon tayo ng salaaming tingnan ang mga bagay na hindi lantad sa unang tingin. Kilalanin ang mga katangiang natatakpan ng pisikal na kaanyuan, ipakilala ang katotohanang mas malalim sa siyang naihayag na. Sa muli mong pagharap sa salamin, maaaring tanungin, "Kilala mo nga ba ang iyong sarili?"

TANAWIN AT TUNGUHIN NG MATANGLAWIN



TANAWIN NG MATANGLAWIN

Mapanghamon ang ating panahon.

Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang Matanglawin ay bumabangon upang tumugon.

Tumutugon ang Matanglawin, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kaniyang bayan.

Ang Matanglawin ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at pay-abungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.

TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

Sa adhikaing ito, isinasabalikat ng Matanglawin ang mga sumusunod na sandigang simulain:

1. MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan—katotohanan lalo na ng mga walang tinig.

2. BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan—kabilang na ang kritisis-mo—ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.

3. HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anak-pawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makataru-ngang balangkas ng lipunan.

4. TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng li-punan.

5. ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.

6. PAIGTINGIN ang kamalayang pampolitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.

7. IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pag-ibig na napapatupad ng katarungan.

Ang Matanglawin ang opisyal na pahayagang pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila.

Pagmamay-ari ng mga lumikha ang lahat ng nilalaman ng pahayagang ito. Pinahihintulutan ang lahat sa pagsipi ng nilalaman basta't hindi nito sinasaklaw ang buong akda, at may karampatang pagkilala sa mga lumikha. Bukas ang Matanglawin sa lahat ng pakikipag-ugnayan: pagbibigay o pananaliksik ng impormasyon, pagtalakay ng mga isyu, o pagpapaalam ng mga puna at mung-kahi ukol sa pahayagan at nilalaman nito. Sa lahat ng interesado, mangyari lamang na tumawag sa 426-6001 lokal 5449 o sumulat sa patnugutan ng Matanglawin, Silid-Publikasyon (Blg. 201-202), Manuel V. Pangilinan Center for Student Leadership, Mga Paaralang Loyola, Pamantasang Ateneo de Manila, Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon 1108. Maaari ding bumis-ita sa www.matanglawin-ateneo.org o magpadala ng email sa matanglawin.ateneo@gmail.com.

Kasapi ang Matanglawin ng Kalipunan ng mga Publikasyon (COP) ng Pamantasang Ateneo de Manila.

MATANGLAWIN

TOMO 39 // BLG 2 // AUG-SEPT



8 **TAMPOK NA ISTORYA:**
Martir ng Bayan,Boses ng Bayan
NINA E.G. DEL ROSARIO AT JEROME FLORES

12 **PITIK PUTAK:**
Sa Ngalan ng Industriyalisasyon
NINA JC PERALTA AT DYAN FRANCISCO

16 **SIGAW NG BAYAN:**
Pamanang Minimina
NINA JEROME FLORES AT CLINTON BALBONTIN

19 **KILATISTA:**
Kwentong Pambata, Paano ka Ginawa?
NINA ARIANE LIM AT ALEX DUNGCA

22 **KILATISTA:**
Pagtanaw sa Ibayo ng KInagisnang Bakod
NI RHEA LEORAG

26 **SIGAW NG BAYAN:**
Silang Walang Mababalikan
NINA AJ LAGARDE AT ERROL YABUT


29 **MATA SA MATA:**
Sarili't Lipunan sa Usapin ng Kapayapaan
NI LANCE GAMBOA

31 **KILATISTA:**
Banda Rito, Banda Roon
NINA JC BELTRAN AT RHEA LEORAG

35 **SIGAW NG BAYAN:**
Uring Manggagawa, Hukbong Malaya?
NI RAY JOHN SANTIAGO

38 **PULSONG ATENISTA:**
Diskurso, Adbokasiya, at Ideolohiya
NINA JOSEPH BAUTISTA AT JOSE MADRIANO







Bisa ng Pangarap

OYAYI NG PLUMA

DYAN FRANCISCO
dyan.francisco@obf.ateneo.edu



Matalinhaga ang pagka-naririto ng tao. Isang minuto, naririto ka bilang ikaw na kilala mo ngunit sa susunod ay hindi mo na masiguro kung ikaw pa nga rin ba ang ikaw na nakilala mo noong minutong nagdaan. Gayunpaman, kilala mo pa rin ang iyong sarili—hindi maikakaila iyon. Iyon nga lamang, ang ikaw na kilala mo'y kailanma'y hindi mananatiling ikaw na ikaw pa rin, sa ayaw mo man o sa gusto.

Kaya naman hindi nakapagtataka kung muli't muli, naglalaro sa ating isipan ang mga katanugnang gaya ng: Sino nga ba ako? Ano nga ba ako sa mundong ito? Bilang patuloy tayong nagbabago, paano ko masisigurong ang ako na gusto ko'y ang ako na ako ngayon o 'di kaya ang ako na siyang hahantungan ko?

Dito pumapasok ang nakikita kong maaaring bisa ng mga pangarap.

Tinutulutan tayo ng ating mga pangarap na maglatag ng isang balangkas para sa ating buhay upang marating natin ang landas na nararamdaman nating para sa atin. Binibiyayaan tayo nito ng dalawang bagay: depinisyon at direksyon. Sa isang banda, binibigyan nito ng depinisyon ang ating pagka-naririto habang sa kabila naman, nagkakaloob ito sa atin ng direksyon sa buhay. Kaya naman hindi lamang ganoon kababaw ang mga pangarap, mayroon pa itong higit na lalim kung tutuusin.

Hindi naman ako kaiba rito. Ang naging problema ko lamang, napakarami kong mga pangarap na nais maabot noon. Nitong huli ko lamang napagtanto ang siyang naging pagsasabuod ng lahat ng mga pangarap kong iyon: Ang makatulong sa paglikha ng magandang bukas sa pinaka-posibleng pamamaraan.

Tunay nga, nakatulong ang pangarap kong ito sa lalong pagkilala ko sa aking sarili. Buhat dito, nakalikha ako at patuloy na lumilikha ng mga desisyong mas makapagpapalapit sa akin sa hangarin kong iyon. Kaya marahil naririto ako ngayon, tumutugon sa isang tawag na maaaring hindi maunawaan ng iba, ipinaglalaban ang bagay na mayroon akong pananampalataya, at ibinibigay ang buong sarili bagaman walang kasiguraduhang nakikita. Sa pamamaraang alam ko't pinaniniwalaan ko, tinutugunan ko ang pag-usig sa akin ng maaaring kabaliwang dulot ng buong pusong pag-aasam at pag-asa sa isang simpleng pangarap na nagbibigay pagkakakilanlan sa kung sino nga ba ako.

Naniniwala akong hindi ako mag-isa sa pangarap kong ito. Nang magsimula ang Matanglawin, buo ang tiwala kong gayon din ang layon nitong marating. Dala ang paniniwalang titik at panulat ang siyang makapagsasalba sa mga naisasantabi nating kapwa, lumundag ang lawin at nagtaya, sa kabila ng mga panganib na dulot nito noong mga panahong nilayon nitong lumipad. Sa ngayon, matayog pa rin ito't nasa ika-39 taon na ng kanyang pamamayagpag—para sa kapwa, sa Inang Bayan, at sa lahat ng mayroon siyang pananampalataya.

Kaya umasa kayong patuloy na lilipad ang lawin. Patuloy nitong tatahakin ang landas na nakikita nito para sa katuparan ng kanyang pangarap—para sa sarili ngunit higit na para sa kapwa. Ang bawat araw ay bagong simula at walang bukas na nakikita ang lawin kundi ang ngayon at ngayon din. Buo ang paniniwala ko rito bilang sa isang pamamaraan o higit pa, nakikiisa ako sa pangarap na ito. Hindi ko ito pakakawalan nang basta-basta at sisiguruhin ang matayog na pananatili ng lawin sa kanyang disposisyon habang ipinaglalaban ang kinikilala niyang tama.

At bilang kahungkangan nga ang pagpapakawala sa iyong sariling pangarap, isang malaking pagkakamali ang pakawalan ito, hindi ba?

Huwag kang Mahina

SANTISIMO!
RAY JOHN SANTIAGO
ray.santiago@obf.ateneo.edu



Maaring lipas na ang isyu ng SONA sa panahong malathala't malimbag ang isyung ito ng Matanglawin. Ngunit huwag naman natin makalimutan ang mga pangyayaring naganap noon (sapagkat ang paglimot ang ilan sa mga bagay na nakasanayan nang gawin ng isang Atenista).

Luha. Ilang patak ng luha. Para sa iba, ito ang maaring maging mitsa ng pagbagsak ng kasalukuyang administrasyon. Ang mga patak ng luhang ito ang nagpakita kung gaano ba talaga kahina ang ating kasalukuyang pangulo.

Ayon kay Antonio Contraras, ang buong pahayag ng pangulo ukol sa kasalukuyang katayuan ng bansa ay isa lamang pagpapakita kung gaano na kapagal, hindi lamang ang katawan kundi pati ang isipan ng pangulo. Aniya, "ngayon, mayroon tayong pangulong maaring nasa bingit na nang pagsuko."

Pagsuko. Sa unang pagkakataon ng maririnig o mapapanood mo ang SONA, sa panahong sinasabi ng pangulo ang nagawa niyang "maganda" at paglilibak sa "pangit" na administrasyong Arroyo, ang makikita mo'y isang nagpupumiglas at nagpupumilit na pangulo. Sa isang banda, maaring pagod na at susuko na an gating pangulo. Katunayan ang ilang hindi maipaliwanang na pahayag mula sa Malacañang tulad ng "pagsasaayos" ng konstitutsyon o "pagpapahaba" ng termino. Tila ba isang isipang hindi na alam kung ano pa ang gagawin.

Maari ring isang marka ng kahinaan ng kasalukuyang administrasyon ang pangangailangan nitong isisi at ikumpara ang sarili sa nakaraang administrayon ng dating panguong Arroyo. Karimarimarim nga ang nakaraang administrasyon, ngunit hindi ito kadahilanan upang masabi na maganda na nga ang nagawa ng kasalukuyang namumuno, na kung ating pagmamasadan, ay kulang pa nga ang mga nagagawa.

"Masyadong masaya"- isa rin ito sa mga kapansinpasin sa SONA ng pangulo. Masayang mayroong nakaabang na panganib. Para pang pinepeke ang kagandahan upang maitago ang nanunuot at inuuod na kapangitan. Kulang ang pahayag sa DAP at nawawala naman ang sa PDAF. Ang mga natirang pahayag ay ukol sa iilang nabigyan ng "biyaya" at tulong. Pero nasaan na nga ba? Nasaan na nga ba ang "misallocated" o "mismanaged" na pondo? Sadyang hindi na ba mapopondohan ang mga serbisyo para sa mahirap at nangangailangan? Ipinagmamalaki ng pangulo ang kasalukuyang "transparency" sa bansa, ngunit sapat na ba ito? Hindi ba't hindi naman pribilehiyo ng isang bansa ang magkaroon ng isang "transparent" na gobyerno? Kasama dapat iyan sa trabaho ng isang administrasyon.

Hindi naman ako "pessimistic". Hindi kalian man pagiging "pessimistic" ang paghahanap ng katotohanan. Hindi maitatago ng iilang kagandahan ang sirang kabuuan at lalong hindi maayos ng kasinungalingan ang bayang nangangailangan.

Sa dulo, sadyang nawalan na lang ng masasandalan at matatapakan ang ating pangulo. Mahina at takot. Sa harap ng nagmartsa noong SONA, sa harap ng bawat umiiyak na magsasaka, sa harap ng lumuluhang pangulo o sa harap ng mga bagong Marcos "supporters" na nagsasabing mas maganda pa ang kahindikhindik na panahon ng batas militar, hindi mo maitatago na mayroong problema.

"Luwagan mo naman. Paano na ang ilan mga nagawa ng kasalukuyang administrasyon?"

Alin? Yung pahayag ng "lower national debt?" Yung "high investment grade"? Muli kong uulitin: kalian ba ito dumating at tumulong sa nasa laylayan? Napakain ba nito ang mga nagugutom na pamilya? Nabigyan ba nito ng magandang kagamitan ang PAGASA? Napigilan ba nitong bumanga ang MRT?

Mahirap nga siguro ang nagdaang taon: bagyo, DAP, PDAF, reporma sa lupa at ilang paghihimagsik. Ngunit hindi ito dahilan upang magmukhang mahina ang pangulo sa harap ng kanyang pinagsisilbihang mamamayan. Mahirap at masalimuot ang pagiging pinuno ng bansa, kung kaya't hindi

Wika, Identidad, Politika

LUNDAG SA HARAYA
DONALD JAY BERTULFO
donald.bertulfo@obf.ateneo.edu



Kamakailan lamang, naging maugong ang diskusyon ukol sa pagtatanggal ng pagtuturo ng wikang Filipino sa kolehiyo. Ayon sa bagong memo, nasa mag-aaral na raw ang pasya kung nanaisin niyang aralin ang kanyang pambansang wika. Magkakaiba ang reaksyon ukol sa nasabing usapin: mayroong mga nagsabing hindi ito dapat gawing isang malaking isyu, may iba namang matindi ang pagtuligsa sa panukalang ito. May iba namang nagkibit-balikat na lamang at walang ibinigay na tindig sa isyu.

Matapos ang paggunita sa Buwan ng Wika, mahalagang pagmuni-munihan ang konsepto natin ng wika upang mas malalim nating matalos ang halaga nito sa mas malawak na konteksto ng ating pang-araw-araw na pamumuhay.

Personal kong nararanasan ang wika bilang isang instrumento upang maipahayag ang aking mga ideya, kuro-kuro at mga opinyon. Upang mas maging epektibo ang pakikipagpalitan ng mga pahayag, inaasahang naiintindihan ng aking kausap ang wikang ginagamit ko. Dahil sa wika, kung gayon, naibabahagi ko ang sarili ko sa iba. Mas tumitingkad ang halaga ng wika kung ipapaloob ito sa mas malawak na konteksto ng relasyon ko sa iba. Dahil sa wika, nagiging posible ang diskurso. Dahil sa diskurso, lumalawak ang pagtingin ko sa buhay. Lumalawak ang naaabot ng bubot kong kaisipan.

Mainam na mas palalimin pa ang diin sa “pagbabahagi ng sarili” kapag pinag-uusapan ang wika sapagkat napapaloob dito ang natural kong oryentasyon na makisalamuha sa iba bilang taong nabubuhay sa mundo. Kung hindi kinakailangang makipagtalastasan sa iba, walang saysay ang wika. Ang wika, kung gayon, ay isang mahalagang elemento ng aking buhay sa lipunan.

Sa isang mas malalim na pagtanaw, matatanto natin na may lugar ang wika sa pagbuo ng ating identidad, personal man o kolektibo. Dahil sa wika, nagiging posibleng maikategorya ko ang aking sarili bilang bahagi ng isang grupo o bilang isang taong may mga partikular na mga katangian. Maaari kong sabihin na ako ay isang Filipino at Atenista. Maaari kong sabihin na ako ay masipag at mabait. Lahat ng mga salitang itong kaya kong ikabit sa salitang “ako” ay datos na nagbibigay-impormasyon kung ano at sino ako at kung ano at sino ako hindi. Halimbawa, kung tatanungin ako kung ano ang politika ko, hindi maaaring hindi ko ito tanawin mula sa lente ng pagkakakilala ko sa aking sarili.

Kung ililipat ang lohika ng argumento mula sa pokus na maka-indibidwal patungo sa pokus na maka-kolektibo, hahantong ang pagmumuni-muni natin sa kahalagahan ng isang wikang magbibigkis sa mga mamamayan ng isang bayan. Sa pamamagitan ng isang pambansang wika, nagkakaroon ng konsepto ang bayan ng pagka-“ako” nito. Nagkakaroon ito ng kapit sa isang malinaw at matibay na pundasyon ng identidad. Kaya nagiging posible na maihiwalay ng bayan ang sarili nito sa ibang bayan, na maging bukod-tangi at hindi gaya-gaya lang. Sa pagkakaroon ng isang mapagbigkis na wikang talagang kanya, natututong tumayo ang bayan sa sarili nitong mga paa. Natututo itong magkaroon ng tindig sa mga isyung may talab sa kanya. Ang pambansang wika pala ay hindi lamang isang instrumento upang magkaroon ng pagkakaisa ang lahat. Higit pa rito, pahayag ito na ang nasabing bayan ay may sariling tindig at pag-iral na dapat kilalanin ng iba pang bayan.

Masasabi nating hindi dapat tingnan lamang ang diskurso ukol sa paggamit ng wika sa limitadong aspeto ng praktikalidad nito. Halimbawa, kung sasabihin nating nakalalamang ang Ingles kontra Filipino dahil sa simpleng kadahilanan ng lawak ng sakop ng nagsasalita nito, maaaring hindi natin nakikita ang wika sa mas malalim na konteksto nito. Kung gayon, hindi simpleng usapin ng praktikalidad o gamit ang debate ukol sa wika. Higit pa rito, usapin ito ng identidad, tindig, at ng politika.

'TENISTA NGA PAGBABALIK SA MARTIAL LAW EDITION

Kilalanin ang ilan sa mga Atenistang nakibaka laban sa Batas Militar

Edgar Jopson
BS Management Engineering, Cum Laude
Pangulo ng National Union of Students of the Philippines.
Personal na hiniling mula kay Marcos na mangakong hindi na siya tatakbo para sa ikatlong termino, na ikinagalit ng huli.

Abraham Sarmiento, Jr.
AGS at AHS Graduate
"Kung hindi tayo kikilos, sino ang kikilos?
Kung di tayo kikibo, sino ang kikibo?
Kung hindi ngayon, kailan pa?"



Ferdinand Arceo
Nagtatag ng Liga ng mga Demokratikong Atenista, humikayat sa mga kapuwa Atenistang makilahok sa mga kilos-protesta laban sa kawalang-katarungan noong Martial Law.

Artemio Celestial Jr.
Naging bahagi ng Student Catholic Action at Ateneo Student Council.
Personal na sumulat kay Marcos, hinihiling na palayain ang mga bilanggong may kasong politikal.
Hinihinalang ito ang naging sanhi ng kanyang kamatayan makalipas ang tatlong araw.

Manuel Hizon, Jr.
AB Economics
Nakilala bilang "Catholic activist."
Bahagi ng Sanggunian ng mga Mag-aaral, Ateneo Political Society, SCA at LDA.

Emmanuel Lacaba
AB Humanities
Tumindig para sa Pilipinisasyon ng administrasyon ng unibersidad, gayundin sa paggamit ng Filipino sa pagtuturo ng mga kurso.

William Begg
Aktibong tumulong sa mahihirap na komunidad sa mga lungsod sa paligid ng unibersidad, at sumapi sa mga militanteng pagkilos.

May mga sipi mula sa: http://www.interaksyon.com/article/90727/7-ateneo-students-who-fought-against-the-marcos-regime

Hindi kriminal ang lahat ng mga bilanggong politikal, tulad ng sinasabi ng mga awtoridad. Ang kanilang mga hangarin para sa ating bansa ang hindi natin nakikita sa likod ng mga rehas ng bilangguan. Karamihan sa kanila'y biktima lang din ng hindi makatarungang pamamalakad sa Filipinas, na sa halip na manahimik, ay pinipiling lumalaban.



MARTIR NG BAYAN, BOSES NG BAYAN

Kriminal ang mga taong nahuhuli at ikinukulong- iyon ang paniniwala ng karamihan sa madla. Subalit paano kung mali ang bansag na ito, lalo na sa mga mamamayang tinangka lamang na ipaglaban ang kani-kanilang politikal na paniniwala laban sa mapang-aping administrasyon?

NI ELIZAH GENE J. DEL ROSARIO AT JEROME CHRISTOPHER FLORES
KUHA NI JEROME FLORES
LAPAT NI MELVIN MACAPINLAC

Bilanggong politikal. Iyan ang tawag sa mga taong ikinukulong dahil sa pagtaliwas sa pamahalaan, nakapiit dahil kinilala sila bilang kalaban ng gobyerno. Masasama. Mapanganib. Sa kasalukuyan, mayroong 504 na bilanggong politikal sa Filipinas. Tama nga kaya ang pagkakakilala natin sa kanila, o nabulag lamang tayo ng ating maling paniniwala na dulot ng media at mga awtoridad?

SINO NGA BA SILA?

"Lumalaban sila sa gobyerno, ipinaglalaban nila ang bansa." Iyan ang pagpapakilala ni Dr. Mendiola Calleja, propesor ng Sikolohiya sa Pamantasang Ateneo de Manila, sa mga bilanggong politikal. Karamihan sa mga bilanggong ito ay mga aktibistang may iisang layunin – pagbabago. Ayon kay Dr. Calleja, may nakikitang tatlong malalaking problema ng Filipinas ang mga aktibista.

Piyudalismo. Hanggang ngayon, marami pa rin sa mga magsasaka ang walang sariling lupa. Sila ang nagsasaka ngunit hindi sila ang pangunahing nakikinabang dito. Nakadepende ang kanilang kabuhayan sa isang bagay na hindi nila pagmamay-ari. Kung kaya't nais ng mga aktibista na magkaroon ng sariling lupa ang mga magsasaka. Gayundin, nais din nilang bigyan ng atensiyon at suporta ng pamahalaan ang sektor ng agrikultura at bigyang-tinig ang mga magsasaka, ang mga marhinalisado.

Imperyalismo. Sa konteksto ng kasalukuyang panahon, ito ang pinakamataas na antas ng kapitalismo kung saan namomonopolisa ng iilang tao ang mahahalagang produkto sa mundo. Nakikita ng mga aktibistang hawak ng mga dayuhan ang karamihan sa mga malalaking industriya ng Filipinas. Para sa kanila, hindi pa rin ganap na malaya ang bansa, kung kaya't gusto nila itong palayain. Nais nilang mapasakamay ng bansa ang mga industriyang ito at mga Filipino ang tunay na makinabang.

Pasismo. Naniniwala ang mga aktibistang kahit isang demokratikong bansa ang Filipinas, hindi pa rin ganap na malaya ang mga Filipino dahil hindi pa rin hayagang nasasabi ng mga tao ang kanilang mga opinyon. Isang patunay nito ang kaliwa't kanang pagpatay sa mga miyembro ng media. Isinusulong ng mga aktibista ang malayang pamamahayag sa Filipinas.

Sa palagay ng mga aktibista, kailangang baguhin ang mga bagay na ito. Mayroon silang paniniwalang may lipunang mas nararapat o mas makatarungan para sa kanilang mga kapuwa Filipino.

Gayunpaman, hindi ganoon kadaling makamit ang pagbabago sa lipunan. Nangangailangan itong ipaglaban. Maraming paraan ang mga aktibista para isulong ang kanilang hangarin. Ayon kay Dr. Calleja, nagkakaiba-iba ang kanilang pamamaraan, depende sa kanilang paniniwala kung paano makakamit ang pagbabago. Isang halimbawa lamang ang pagdadala ng armas bilang proteksiyon laban sa armadong sundalo at kapulisan. Mayroon ding mga lumalaban sa pamamagitan ng pagsulat, at iba pang paraan.

Hindi lamang mga aktibista ang bumubuo sa bilang ng mga bilanggong politikal. Ayon kay Christina Palabay, Pangkalahatang Kalihim ng Karapatan: Alliance for the Advancement of People's Rights, "Marami rin sa mga bilanggong politikal ay pangkaraniwang mamamayan o walang kinabibilangang mga organisasyon, subalit dahil sa programa ng gobyerno na Oplan Bayanihan, na ipinapatupad ng Armed Forces of the Philippines; inakusahan sila at pilit pinaaming kasapi ng rebolusyunaryong CPP-NPA-NDF, o iba pang armadong grupo." Isang biktima ng proyektong si Ericson Acosta.

KUWENTO NG NABILANGGO: SI ERICSON ACOSTA

Mahigit tatlong taon na ang nakalipas nang inaresto ang isang mananaliksik ukol sa human rights violation na si Ericson Acosta sa Samar. Napagkamalan siyang miyembro ng New People's Army, dahil lamang may dala siyang kompyuter sa loob ng kagubatan. Pagbabahagi niya: "I was arrested by the military on February 2011"



Marami rin sa mga bilanggong politikal ay pangkaraniwang mamamayan o walang kinabibilangang mga organisasyon, subalit dahil sa programa ng gobyerno na Oplan Bayanihan, na ipinapatupad ng AFP; inakusahan sila at pilit pinaaming kasapi ng rebolusyunaryong CPP-NPA-NDF, o iba pang armadong grupo."

-Christina Palabay, Pangkalahatang Kalihim, Karapatan: Alliance for the Advancement of People's Rights

Dinala siya sa isang piitan sa Calbayog at doon ay sinampahan siya ng kasong Illegal Possession of Explosives. Napawalang-sala siya nito lamang nakaraang taon.

Ayon kay Acosta, masalimuot ang naging karanasan niya sa loob ng kulungan. Una siyang napiit sa Calbayog Provincial Jail. Sa loob, binibili ang higaan o bunker. Kung walang pambayad, magtitiis na lamang mahiga sa malamig na sementadong sahig ng piitan, o kung papalarin, makahihiga ang bilanggo sa nakatiklop na piraso ng karton. Dahil mga magsasaka ang karamihan sa mga bilangg, hindi nila kayang umarkila ng matitinong higaan.

Nabanggit din niyang hindi kanais-nais ang bentilasyon sa loob ng piitan, dahil isang maliit na butas na sinlaki lamang ng isang kahon ng sapatos ang tanging pinagmumulan ng hangin, sa halip na isang bintana. Ipinagbawal din ang anumang babasahin tulad ng diyaryo, magasin at mga akda. Ang mga bisita lamang ng bilanggo ang natatanging mapagkukunan nila ng impormasyon hinggil sa mga pangyayari sa labas.

Dagdag pa rito, para sa mga tulad niyang bilanggong politikal, mahigpit ang seguridad at bantay-sarado siya ng mga sundalo. Naging masyado ngang mahigpit ang mga sundalo at mga nagsampa sa kaniya ng kaso na umabot sa puntong pinagbawalan siyang makipagkita sa mga doktor gayong kailangan niya. Ilang buwan din niyang tiniis ang patuloy niyang lumalalang sakit. Higit pa rito, kakaunti ang pagkaing inihahain sa kanila at mahahalatang 'di makasasapat sa pangangailan nilang mga bilanggo. Gayundin, hindi nasusubaybayan ng mga bilanggo ang kalagayan ng kani-kanilang mga kaso dahil taunan lamang o kung papalari'y buwanan lamang sila nakatatanggap ng mga dokumento hinggil sa kanilang kasalukuyang mga kaso. Sa kabuuan, masasabing hindi maayos ang pagtrato sa mga bilanggo sa loob ng pasilidad.

Maraming karapatan ng mga bilanggong politikal na nilabag ng mga pulis, sundalo at iba pang opisyales ng gobyerno ang maituturing na karapatan din ng lahat ng mamamayan. Halimbawa, ang paghuli sa kanila sa pamamagitan ng pagdukot o abduction, marahas, at walang arrest warrant. Higit dito, marami din sa kanila ang nasampahan ng mga gawa-gawang kaso, mabagal na proseso ng pagdinig sa kaso, at hindi pagkakaroon ng pagkakataon ng mga bilanggo na dumalo sa mga pagdinig. Para sa Karapatan, ang ganitong paraan ng paghuli ay hindi lamang "invalid" kundi ilegal. Kinokondena dapat ang mga taong pumapayag na magpatuloy ang ganitong pamamalakad.

PANGANGALAGA SA KARAPATAN

"Ang pangunahing may pananagutan sa pangangalaga ng karapatan ng mga bilanggong politikal at lahat ng mga nakakulong ay ang gobyerno mismo," giit ni Palabay. Ngunit tila napakahirap isiping posible ito gayong ang gobyerno ang kinikilalang kalaban ng mga bilanggong ito. Kung kaya't nariyan ang mga organisasyong patuloy na pinangangalagaan ang kapakanan ng mga bilanggong politikal.

SELDA

Binuo ang Samahan ng Ex-detainees Laban sa Detensyon at Aresto o SELDA ng mga nakalayang bilanggong politikal ng diktaturyang Marcos. Isa itong organisasyong binubuo ng mga dati at kasalukuyang bilanggong politikal. Gawain ng organisasyong asikasuhin ang kapakanang legal at medikal ng mga bilanggong politikal. Gawain din ng organisasyong punahin ang mga 'di makataong kalagayan sa bilangguan at 'di makataong pagtrato ng mga sundalo o bantay sa mga bilanggo. Bukod sa mga nabanggit, isinusulong nila ang pagsunod ng mga bilangguan dito sa Filipinas sa United Nations Minimum Prisoner Treatment, na nagsasabing isang pribilehiyo ng mga bilanggong makapagbasa ng libro sa loob ng bilangguan at gayundin, malaman ang mga pangyayari sa labas. Sa katunayan, isa itong pagpuna sa sistemang pinapatakbo sa Taguig City Jail, kung saan ipinagbabawal magbasa ng diyaryo ang mga bilanggo. Ayon kay G. Runeo Clamor, National Coordinator ng SELDA, dapat hayaang makapagbasa, makapag-ehersisyo at maarawan ang mga bilanggo dahil karapatan ng isang tao ang mga nabanggit. Gawain din ng SELDA ang tumulong sa pagpapalaya sa mga bilanggong politikal. Ang organisasyong ito ang isa sa mga tumulong upang ilunsad at itaguyod ang kampanyang Free Ericson Acosta na naging matagumpay nga nang napalaya si Acosta. sa dahilang napatunayan nilang inosente siya at walang basehan ang mga bintang ng mga sundalo sa kanya. "Napakalaking bagay para sa mga bilanggong ito ang sama-samang pagkilos para sa kanilang kalayaan," paniniwala ni Clamor.

Kasama ng SELDA ang Karapatan sa ganitong mga gawaing ito, gayundin sa pagsubaybay sa mga kaso ng mga bilanggo, at pag-oorganisa ng mga regular na pagdalaw sa kanila.

MALING PAGKAKAKILALA

Kalakip na ng salitang bilanggo ang pagkakakilala sa kanila bilang masasamang tao. Hindi rin natin masisisi ang nakararami sa pagkakaroon ng ganoong pagkakakilala sa mga bilanggong politikal, dahil ito ang itanatanim sa ating isipan ng mga awtoridad at ng media. Hindi ang kanilang mga hangarin ang ipinaaalam sa atin, kundi ipinakikilala sila bilang mga taong lumalabag sa batas at inaakusahang pumatay, nagtago ng mga ilegal na armas, at iba pa.

Lingid sa ating kaalaman, maaaring nagnanais lamang ang mga bilanggong ito ng mabuti para sa kanilang mga kababayan. Ang hangaring ito'y makikita pa rin hanggang sa loob ng kulungan, bagay na naipakita ni Ericson Acosta.

Hindi niya hinayaang maging hadlang ang kalagayan sa loob ng piitan sa kaniyang layuning makatulong sa mga marhinalisado. Sa loob ng piitan, nagpasimula siya ng mga klaseng nagtuturong bumasa at sumulat sa mga kasamahang nangangailangan nito. Gayundin, tinatalakay niya kasama ng mga kapwa bilanggo ang mga lokal na isyu, upang maging mulat sila sa mga makatarungan at 'di makatarungang aspekto ng mga isyu. Nagawa ring

paginhawain ni Acosta ang kalagayan sa bilangguang kinabibilangan niya sa pamamagitan ng patuloy na pakikipag-usap sa mga opisyal ng International Committee of the Red Cross. Sa paulit-ulit na pagbisita, nabanaag ng mga miyembro ng komite na hindi makatao ang kalagayan ng bilangguan, kung kaya't pinalagyan nila ng malalaking bintana ang bawat selda, at ng dalawang kamang mahihigaan ng mga bilanggo.

> "Napakalaking bagay para sa mga bilanggong ito ang sama-samang pagkilos para sa kanilang kalayaan."
>
> **-Runeo Clamor, National Coordinator, Samahan ng Ex-detainees Laban sa Detensyon at Aresto**

Hindi kriminal ang lahat ng mga bilanggong politikal tulad ng sinasabi ng mga awtoridad. Ang kanilang mga hangarin para sa ating bansa ang hindi natin nakikita sa likod ng mga rehas ng bilangguan. Karamihan sa kanila'y biktima lang din ng hindi makatarungang pamamalakad sa Filipinas, na sa halip na manahimik, ay pinipiling lumalaban.


Sila ang mga magsasakang lumalaban para sa reporma sa lupa; ang mga manggagawang nagsusulong ng pagkakaroon ng seguro sa trabaho at nakabubuhay na sahod; mga estudyanteng nagtatanggol sa karapatan sa edukasyon; at iba pang miyembro ng mga pinagsasamantalahang sektor ng lipunan. Sila ang mga guro at mga kawani mismo ng gobyerno na nananawagan ng nararapat na benipisyo; mga katutubong nagtatanggol sa lupang ninuno at preserbasyon ng kanilang kultura; mga siyentistang pinaglilingkuran ang agham at teknolohiya para sa kapakinabangan ng mga kapuwa mamamayan.

Panawagan ni Dr. Calleja, "Sana'y 'wag silang tratuhing mga kriminal na nakagawa ng krimen dahil sa pansariling dahilan, kasi sila [mga bilanggong politikal], malaki ang sakripisyo na ginagawa nila. May mga paniniwala sila, may mga ipinaglalaban." Itong mga ipinaglalaban nila ay hindi lamang para sa kanilang sariling kapakanan, o para sa kanilang pamilya, lagi itong para sa ikabubuti ng kanilang mga kababayan at ng Filipinas. Naniniwala silang may uri ng lipunan na mas karapat-dapat na maranasan ng mga Filipino. Hindi sila kriminal o masasamang tao. Hindi sila katulad ng mga taong kayang pumatay para sa kapangyarihan. Hindi sila tulad ng iba na kayang makasariling nagnanakaw para sa sarili o para ikagiginhawa ng sariling pamilya.

Nakalulungkot na nagiging marhinalisado sila sa ating bansa dahil lamang sa kagustuhan nilang maging tinig ng mga marhinalisadong walang boses.



> "Ang pangunahing may pananagutan sa pangangalaga ng karapatan ng mga bilanggong politikal at lahat ng mga nakakulong ay ang gobyerno mismo. Ngunit tila napakahirap isiping posible ito gayong ang gobyerno ang kinikilalang kalaban ng mga bilanggong ito."
>
> **-Christina Palabay**



NINA JC PERALTA AT DYAN FRANCISCO
KUHA NI DYAN FRANCISCO
SINING NI LEO MARCELO
LAPAT NI LANCE BITONG

Sa Ngalan ng Industriyalisasyon:

C6 Road Extension at ang Hinagpis sa Laguna de Bay

Nananatiling isa sa pinakamalalaking suliranin ng bansa ang imprastraktura. Sa Maynila pa lamang, araw-araw binubuno ng uring manggagawa ang mga epekto ng kawalan ng maayos na pampublikong transportasyon, gayundin ang patuloy na pagsikip ng mga pangunahing kalsada. Dahil nababawasan ang produktibong oras at pangkalahatang mobilidad ng mamamayan, napipinid rin ang potensiyal ng ekonomiya.

Sapagkat nasa Metro Manila ang mga pangunahing kalsada ng Luzon, karaniwang kailangan na dumaan dito ang mga sasakyan bago makarating sa mga lalawigan. Isang panukalang-lunas sa pagsikip ng trapiko ang pagpapalihis tungo sa ibang karatig-lalawigan ng mga sasakyang hindi naman kailangang dumaan sa Maynila. Ito ang layunin ng Circumferential Road 6 (C6)Extension. Proyekto ng Department of Public Works and Highways (DPWH), isa itong 49.1km highway na magdudugtong sa nasimulan nang Bulacan–Rizal–Manila–Cavite Regional Expressway, mula Taguig hanggang Los Baños at Calamba.

LAGUNA LAKE EXTENSION DIKE PROJECT

Isang mahalagang hakbang tungo sa paglalatag ng C6 ang PhP 122.811 B Laguna Lake Extension Dike Project (LLEDP), kung saan (1) magtatayo ng isang 47-kilometrong flood control dike na pababagtasan ng isang 6-lane na expressway, 500 metro mula sa tabing-lawa mula Taguig hanggang Los Banos; at (2) reklamasyon ng 700 ektarya sa kanluran ng expressway-dike na may 100-150 metro pagitan mula sa tabing-lawa ng Taguig hanggang Muntinlupa.

Ayon sa DPWH, tatlo ang layunin ng LLEDP: (1)Maiwasan ang pagbaha at mapaunlad ang pamumuhay ng mga komunidad sa kanlurang tabing-lawa ng Laguna de Bay; (2) mapabilis ang daloy ng sasakyan, kalakal at serbisyo sa Metro Manila, Laguna, Batangas at

Quezon na magbubunga ng karagdagang ekonomikong pakinabang; at (3) gawing kapaki-pakinabang ang lupa at lumikha hakbang na makakapagpaunlad ng negosyo at panirahan sa napalawak na lupain. Kasalukuyang nasa pre-qualification stage pa lamang ang proyekto.

Makikinabang ang ekonomiya ng bansa sakaling maging matagumpay ang proyektong nakatuon sa naturang dike-expressway. Subalit lingid sa kaalaman ng nakararami, tila ipinagwawalang-bahala ng pamahalaan ang reaksiyon ng mga mamamayan sa tabing-lawa ng Sta. Rosa, Laguna na nababahala sa maidudulot nitong perwisyo sa kanilang komunidad.

SULIRANIN

Pangingisda ang ikinabubuhay ng halos sangkatlo ng mga pamilya sa mga tabing-lawang baranggay ng Pag-asa, Kaingin, at Aplaya sa Sta. Rosa Laguna. "Simula pa noong panahon ng ninuno namin, pangingisda na ang ikinabubuhay ng mga tao rito", ani Jacinto 'Ka Seseng' Aldomoval, 65, katuwang na pinuno ng Local Poverty Reduction Action Program ng Sta Rosa at tagapangulo ng Pinagkaisang Pamayanan ng Laguna.

Batid na nila ang planong proyekto mula pa noong rehimeng Marcos. "Noon pang 1975, alam na namin 'yong mga planong nasyonal. Simula nga noon, nung nalaman namin 'yong sitwasyon, hindi na kami tumigil sa pagbibigay-impormasyon sa mga maliliit na mga mangingisda. Kaso nga, noong mga panahong iyon, siyempre under Martial Law tayo, hindi tayo makakilos nang maayos."

Matapos ang diktaturya, naging kasangguni si Ka Seseng sa noo'y bagong tatag na Laguna Lake Development Authority sa bisa ng RA 4850. "Napakaraming masalimuot na components dahil sa gobyerno noon [Marcos]. Maraming mga proyektong nagaganap ngayon na kasalukuyan nga'y patuloy pa ring iniimplementa ng gobyerno na nakaaapekto talaga sa mga mamamayan."

POLUSYON AT BALANSENG EKOLOHIKAL

Ipinaliwanag ni Ka Seseng ang kahalagahan ng balanse ng daloy ng tubig-alat mula dagat na dumadaloy sa mga ilog at tubig-tabang sa Laguna de Bay. "Kailangan ng sapat na tubig-alat upang lumaki ng maayos ang mga isda. Hindi rin naman maganda ang sobra dahil dudumi naman ang lawa."

Sa pagtambak ng lupa 500 metro mula sa pampang, mapipigil ang daloy ng tubig-alat. "Napag-aralan na namin iyan. 13.8 meters ang kasalukuyang [nibel] ng tubig, pero ang kinakailangan ay 10.50 lamang para makapasok 'yong high tide na may tubig-alat. Paano kung mataas na ang tubig sa lawa? Hindi na makakapasok 'yong tubig alat. Paano kung hindi na makapasok 'yon? Mauubos ang isda."

"Dati, kung maghulog ka ng piso sa lawa, makikita mo pa rin. Ngayon, hindi na. Dati sa pangingisda pa lang, mapag-aaral mo na ang mga anak mo sa Maynila. Hindi na namin kailangang magtrabaho sa pabrika," pagbabahagi naman ni Zaldy, mangingisda sa Brgy. Aplaya.

PAGBAHA

Ayon sa DPWH, kasama sa LLEDP ang isang flood control system na "magsisilbing pananggalang ng mga bahaing lugar sa tabing-lawa." Ani Ka Seseng, "Paano kung masira ang mga tubo? Hindi kami binabaha rito, pero ngayon babahain na kami. Sa amin pupunta ang tubig."

Dagdag pa niya, "Kung maitutuloy ito, itutuloy na rin 'yong planong dam outlet. Dito rin sa lawa ang bagsakan kaya talagang aapaw at aapaw talaga. Wala ring magagawa ang road dike na yan. Hindi maganda ang pagkakaplano."

RELOKASYON

Dahil matatamaan ng pagtatambak ng lupa, marami sa mga mamamayan ng Pag-asa, Caingin, at Aplaya ang sasailalim sa relokasyon. "Nagkaroon nga kami ng inquiry sa Kongreso, sinabi nila na doon kami dadalhin sa bundok ng Sta. Maria [Laguna], 'yong LDA (Land Development Authority) saka 'yong DPWH (Department of Public Works and Highways) ang nagturo ng site," wika ni Ka Seseng. "Dapat ang nagtuturo talaga, 'yong LDU (Local Development Unit) saka 'yong LDA. Gumagawa sila ng Action Plan nang hindi tumitingin sa batas"

PROYEKTONG PUBLIKO-PRIBADO

Nangangamba rin ang mga mangingisdang maging bahagi ang proyekto ng Public-Private Partnership (PPP), kung saan malayang mapupuhunanan ito ng mga pribadong indibidwal na sinasabing magpapadali sa pagiging self-sustaining ng LLEDP."Lalagyan nila ng toll gate [iyong expressway]. Kaming mga mangingisda, hindi na makakapasok dito nang basta-basta. Sinasabi nila na magkakaroon daw ng eco-tourism dito sa lugar namin, pero di naman namin kailangan iyan," pahayag ni Ka Seseng.

MGA SIMULAIN

Kamakailan lamang, nagkaroon ng kampanya sina Ka Seseng laban sa LLEDP, kung saan nakakuha sila ng 10,000 na pirma. "Naipasa na namin sa kinauukulan. Wala pang dumarating sa aking naging reaksiyon nila. Nakipagharap kami sa mayor [ng Sta. Rosa], nagkaroon ng round table discussion, nangako sa akin na tatawagan ako pero hanggang ngayon hindi pa rin ako tinatawagan. Nakipag-usap kami kay governor pero hanggang ngayon, no comment pa rin siya, hindi pa napag-aaralan 'yong nangyayari."

Pinangangambahan ng mga taga-Sta Rosa na baka mangyari rin sa kanila ang nangyari sa mga taong naapektuhan sa pagtatambak ng lupa at paglalatag ng Binangonan-Angono-Taytay Coastal Road at Manggahan Floodway. "'Yong kanilang mismong pangisdaan, naapektuhan talaga. Ginawang subdivision ng mga kapitalista [ang na-reclaim na lupa], ibinenta sa dayuhan. Na-relocate ang mga mangingisda sa Bundok ng Paras sa Sierra Madre. Bago sila makapangisda, kailangan nila ng dalawandaang piso para makababa. Kukuha pa sila ng tricycle. Humina rin ang benta nila [dahil] bumagal ang paglaki ng isda."

"Yan din ang gagawin dito. May halimbawa na, maliwanag yun. Nagdedesisyon sila nang walang konsultasyon; nang hindi nakapag-uusap nang maayos."

Daing din ni Ka Seseng at ng mga kapwa


niya community leader ang di-pagdalo ng mga nagpapasyang kawani ng mga kagawaran sa kanilang mga round table discussion, "Nahihirapan kami. Sila, ang gamit nilang pera ay sa gobyerno. Kaming mga lider, ang gamit namin ay ang sarili naming pera. Ang dapat na ipinadadala kasi sa amin ay 'yong tamang tao nang makapagdesisyon na agad. Ang laging [nilang] sinasabi ay, 'Hindi po kami makapagdedesisyon dahil kami'y mga ipinadala lamang'. Paulit-ulit na lang. Delaying tactics kumbaga.

"Hindi naman kami kontra sa mga expressway dito, maganda iyan. Kung elevated ang daanan na iyan, walang problema, mabuti iyan para sa bansa. Ngunit sa laki ng peruwisyong idudulot ng proyektong iyan sa amin, talagang No to Road Dike kami," pahayag ni Zaldy.

Palagay ni Kevin Go, kawani ng Office of Social Concern and Involvement ng Pamantasang Ateneo de Manila na nakadestino sa mga apektadong barangay, "Maganda man ang layuning mapabilis ang daloy ng mga produkto at serbisyo sa rehiyon, nakikita kong ang magiging hirap ng pamayanan kung matanggal sila mula sa kanilang kabuhayan. Ang pagkiling ko ay sa pagtigil ng proyekto dahil malaki ang panganib para sa komunidad. Sa tingin ko, hindi sapat ang makukuha nilang kompensasyon, at kahit mabigyan sila ng malilipatang bahay, hindi ito sasapat upang matiyak ang isang nasusustinihang pamumuhay."

Tanging wasto at nararapat na atensiyon lamang ang hiling ni Ka Seseng sa mga kinauukulan, "Ang hiling namin sa gobyerno, sana pakinggan naman 'yong boses ng mga talagang maaapektuhan, hindi ''yong boses lamang ng mga malalaking kapitalista na yan na gustong mamuhunan sa Laguna de Bay. Ang lawa ng Laguna ay para sa mangingisda—tirahan at pinagkukunan ng hanapbuhay ng mga nakapalibot sa lawa. Ayaw namin na ang Laguna Lake ay maging pasyalan lamang. Ang nais namin ay manatiling pangisdaan ang lawa, iyon talagang itinalaga ng Diyos dito sa Pilipinas." M

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa LLEDP, maaaring bumisita sa: http://www.dpwh.gov.ph/ppp/main2.asp?page=a10



"Lalagyan nila ng toll gate [iyong expressway]. Kaming mga mangingisda, hindi na makakapasok dito nang basta-basta. Sinasabi nilang magkakaroon daw ng eco-tourism dito sa lugar namin, pero di naman namin kailangan iyan.

-Jacinto 'Ka Seseng' Aldomoval, Tagapangulo, Pinagkaisang Pamayanan ng Laguna



PAMANANG MINIMINA

PAGTUKLAS SA HINAHARAP NG INDUSTRIYANG PAGMIMINA

NINA CLINTON BALBONTIN AT JEROME FLORES
SINING AT LAPAT NI KHALIL REDOBLE

Pagsilip sa hinaharap ng industriya ng pagmimina sa bansa

Katangi-tangi ang likas na yamang angkin ng Pilipinas. Sa iba't ibang bahagi ng bansa, madarama ang kasaganahang siyang bumubuhay sa milyun-milyong mga Pilipino. Nag-uumapaw, ika nga, ang biyayang ipinagkaloob sa ating bayan. Ngunit tulad ng lahat ng mga ibiniyaya, ang kapakanan nito'y nakadepende sa pinagkalooban. Ano na nga ba ang kasalukuyang lagay nito sa ilalim ng ating pangangalaga?

Mahaba na ang kasaysayan ng pagmimina sa Pilipinas. Bago pa man sakupin ng mga banyaga ang ating bansa, may kaalaman na ang mga Pilipino sa paghahanap ng mga mineral, partikular na ang ginto at bakal. Lalo pang napalawig ang konsepto ng pagmimina nang dumating dito ang mga Kastila, Amerikano, at Hapones. Sa kalaunan, naging matatag itong industriya na siyang kinikilala nating industriya ng pagmimina ngayon.

Ngunit hindi maikakailang sa paglipas ng panahon, marami ang nagbago. Sa ngayon, mayroon nang dala-dalang hindi magandang konotasyon ang industriya ng pagmimina. Kasabay ng ating paglinang sa ating kaalaman ukol sa agham, ating natuklasang hindi pala nakabubuti ang lahat ng ating mga nakasanayang gawi na siyang pinagbubuhatan ng ating mga kabuhayan.

Ayon kay Engr. Larry Heradez, Head Executive Assistant ng Mines and Geosciences Bureau, bata pa lamang ang panibagong pagpapakahulugan sa salitang 'mining' na mayroon tayo ngayon. Noong 1970s, nang nagsisimula ang pagmimina, walang pag-uuring nagaganap dito. Kinikilala lamang ito bilang isang gawaing may kinalaman sa pahahanap, paggamit, at pagpapaunlad ng mga mineral. Nang pumasok ang 1980s, saka pa lamang nagkaroon ng isang malaking pagbabago sa konsepto ng pagmimina, at ito ang siyang dinala natin hanggang sa kasalukuyan.

MGA EPEKTO NG PAGMIMINA

Maraming masasamang epekto ng pagmimina. Una, sa ating kapaligiran. Sa pagmimina, kinakailangan ng malawakang pagpuputol ng mga puno't halaman at paghuhukay ng lupa upang makuha ang mga mineral na layong kolektahin. Nagiging dahilan ito sa madaling pagguho ng lupa o soil erosion. Pumapasok din dito ang mga usapin ukol sa mine spills at siltation. Nakaaapekto ang mga ito sa mga anyong tubig. Sakaling maging biktima ng kontaminasyon halimbawa ang isang lawang malapit sa pinagmiminahan, nagkakaroon ng kawalan ng balanse ang kemikal na komposisyon nito na siyang nagtatanggal sa kakayahan ng lawang ito na maging tahanan ng mga isda, halaman, at iba pang maaaring mamuhay dito. Sa madaling sabi, pinapatay nito mismo ang kapasidad ng lawang magbigay-buhay.

Maaari ring magkaroon ng direktang epekto sa kalusugan ng tao ang pagmimina. Maraming minahan ang gumagamit ng kemikal na mercury upang iproseso ang gintong nakalap, sa kabila ng nakalalasong epekto nito. Malaki ang nakaambang panganib sakaling mapahalo ito sa tubig na iniinom ng mga minero o madikit man lamang sa balat. Gayundin ang panganib na ibinibigay nito sa mga taong naninirahan malapit sa mga minahan.

Sa kabila ng lahat ng mga ito, nariyan pa rin ang katotohanang nakapagbibigay nga naman ng hanapbuhay at nakatutulong sa pagpapalago ng ekonomiya ang pagmimina. Kaya naman bilang pagtugon sa mga masasamang epektong nabanggit, mayroong mga batas na ipinasa ang pamahalaan at patuloy na kinikilala ng bansa tulad ng RA 7076 o Small-scale Mining Law at ang RA 7942 o Philippine Mining Act of 1995 na naging batayan ng ilang reporma nang maipatupad ang

> Mayroong tatlong haligi ang responsableng pagmimina na kanilang masugid na sinusunod Binubuo ito ng aspektong ekonomiko, pangkalikasan, at panlipunan.

Executive Order 79 ni Pangulong Benigno Aquino III.

EO 79

Sa pagsisimula ng termino ni Pangulong Benigno Aquino III, naging matunog ang industriya ng small-scale at large-scale, at mga isyung pangkapaligiran na may kaugnayan sa pagmimina. Dahil dito, bumuo siya ng grupo noong Oktubre 2010 na magsasagawa ng pag-aaral sa mga batas sa pagmimina, mga suliranin na kinakaharap ng industriya, at mga bagong batas na makakatulong sa pagpapabuti ng kalagayan ng pagmimina sa bansa. Noong Hulyo 2012, nabuo na ang rekomendasyon ng mga bagong batas at noong Oktubre, sa parehong taon, ay naipatupad na ang EO 79.

Ayon kay Heradez, pantay ang small-scale at large-scale mining, at walang mas pinagtuunan ng pansin sa pagkakasulat ng mga bagong batas.

Isa sa mga isyung tinugunan ng EO 79 sa usapin ng small-scale mining, ayon kay G. Christopher Soong, OSCI Formator, ang pagiging komplikadong subaybayan ang bawat pagkilos nito. Mula sa indibidwal na small-scale mining permit na ibinibigay noon, kontrata na ang ibinibigay ngayon sa isang kooperatiba na nagbibigay-karapatang magmina ng hindi hihigit sa 20 ektarya sa loob ng naideklarang people's small-scale mining area na tinatawag ding Minahang Bayan. Isa rin sa mga probisyon ang pagkakaroon ng central processing plant sa mga Minahang Bayan na magpoproseso sa kanilang mga nakuhang mina. Sa ganitong paraan, maiiwasan ang paggamit ng mercury at ng iba pang paraan na maaaring magdulot ng panganib. Isa pa sa mga pagbabago na itinatakda ng EO 79 sa small-scale mining ang paglilimita sa mga mineral na maaaring minahin – ginto, pilak, at chromite lamang.

Sa usapin naman ng large-scale mining, pinanatili ang nakasaad sa batas na nagtatakda ng bahagdan ng kinita na kailangang ilaan sa pagpapabuti ng kalagayan ng kapaligiran at ng komunidad o lipunan. Ito ang tinatawag na Social Development and Management Program (SDMP). Sa kasalukuyan, tinatawag ito sa industriya bilang konsepto ng responsableng pagmimina. Kinakailangang magpasa ng kompanya ng Environmental Protection and Enhancement Program at Social Development Management Plan para maaprubahan ang permit sa pagmimina. Dapat rin itong maisagawa at mapanatili upang makapagpatuloy ng pagmimina ang isang kompanya.

RESPONSABLENG PAGMIMINA: POSIBLE BA?

Lakas-loob na idinedeklara ng kompanyang Rio Tuba Nickel Mining Corporation (RTNMC), subsidiary ng Nickel Asia Corporation na posible ang responsableng pagmimina. Matatagpuan ang RTNMC sa Bataraza, Palawan. Pangunahing minimina ng kompanya ang saprolitic nickel o high-grade nickel ore na inaangkat naman ng China at Japan. Sa loob ng 35 taon, mahigit sa 600 ektarya pa lamang sa 2,000 ektaryang permit nito ang namimina ng kompanya.

Ayon kay Bong dela Rosa, Community Relations Manager ng kompanya, mayroong tatlong haligi ang responsableng pagmimina na kanilang masugid na sinusunod. Binubuo ito ng aspektong ekonomiko, pangkalikasan, at panlipunan.

Kung titingnan sa aspektong ekonomiko, bilang pinakamalaking industriya sa timog Palawan ang pagmimina, nakapagbibigay ito ng oportunidad para sa karamihan ng mga tao doon na makapagtrabaho. Ang mga katutubo o indigenous peoples (IP) ang isa sa pangunahing nakikinabang dito. Sa pagsasama sa kanila sa market economy, malaking tulong ang ibinibigay na trabaho ng kompanya. Isa sa mga ginagawa ng kompanya ay ang paggamit nito sa kaalaman ng mga IPs patungkol sa mga katutubong halaman na maaaring gamitin sa rehabilitasyon. Dagdag pa rito, dahil sa kontribusyon ng minahan sa ekonomiya ng Rio Tuba, Bataraza, Palawan, nagsimula ng pumasok ang mga iba't ibang uri ng negosyo sa lugar. Ito ang nagpapasigla ng kalakalan sa barangay at nagbibigay ng economic empowerment sa mamamayan nito.

Sa aspektong pangkalikasan, aminado si dela Rosa na pinipiga talaga ng pagmimina ang kalikasan upang makuha ang mga mineral na kanilang kinakailangan. Kung gayon, palagiang kakailanganin daw ang rehabilitasyon tuwing matatapos ang pagmimina. At sang-ayon din kay Dr. Bibiano Ranes, resident forester ng kompanya, posible ang pagbabalik ng gubat sa isang naminang lugar. Sa katunayan, batay sa pag-aaral na kaniyang nagawa, sa loob lamang ng 4 - 5 na taon, naibalik na ang mga punong dating natanggal. Mayroon ding mga palagiang eksperimento na tumutukoy kung naapektuhan ang sistemang ekolohikal ng lugar. Ang mga datos dito ay sinusuri ng iba't ibang ahensya mula sa pribado, pamahalaan, at mga grupong pangkalikasan. Sa paggawa nito, malaki ang nagagastos ng kompanya upang maisaayos ang balangkas nito sa mining rehabilitation.

Malaking tulong din ang nagawang teknolohiya ng High Pressure Acid Leaching upang higit pa na mamina pati ang waste product ng RTNMC at ang low-grade nickel ore na isinasantabi lamang nito dati. Ang Coral Bay Nickel Corporation (CBNC) na isang subsidiary din ng NAC ang namamahala sa operasyon ng nasabing teknolohiya. Ang operasyon nito ang nagpapadoble sa benepisyong naibibigay para sa mga komunidad at barangay na apektado ng RTNMC. Sa pagdadala ng teknolohiyang ito, napagbubuti rin ang pagpapadalubhasa sa pagmimina nang hindi nakakasira sa kagubatan at kalikasan.

Panghuli, para sa aspektong panlipunan, naitakda na ng mga batas ang kailangan kontribusyon ng minahan sa mga naaapektuhang barangay. Gayunpaman, para mas magkaroon ng malakas na epekto, kakailanganin daw gumastos ng higit pa sa naitakdang porsyento ayon kay dela Rosa. Napatunayan nila ito nang makita nila ang pangangailangan na makapagpatayo ng mga pasilidad upang mapagbuti ang pamumuhay sa timog Palawan. Ilan sa mga ito ay ang pagpapatayo ng ospital, paaralan, pasilidad para sa tubig, at marami pang iba. At upang masiguro na patuloy na

mabubuhay ang mga pasilidad na ito kahit wala na ang kompanya, tinatag ang Rio Tuba Nickel Foundation upang mamahala sa Social Development Management Program nito. Ngayon, patuloy na kumikilos ang samahan base sa nakikitang pangangailangan ng local government units ng mga apektadong barangay.

Sa pagpapatupad ng tatlong haligi ng responsableng pagmimina, hinaharap naman ng kompanya ang pambabatikos ng iba't ibang sektor laban sa kompanya. "Dati, tahimik lamang 'yong mining industry kasi ginagawa naman namin 'yong kailangan katulad ng pagbabayad ng buwis, at may ginagawa kami para sa tao. Hindi namin kailangang mag-advertise," ani Dela Rosa. "Sa nakalipas na taon, kinailangang maglabas ng mga patalastas tulad n'ong sa ABS-CBN, laban sa mga pambabatikos."

Mahalaga rin diumanong gawin ang higit pa sa itinakda ng batas, kahit pa hindi ito nararamdaman ng mga bumabatikos. Sa huli rin naman kasi, higit pa sa lisensya ng pagmimina mula sa pamahalaan, ang pinakamahalagang lisensiya na kailangang matamo ng minahan at ang pagpayag ng mga apektadong komunidad.

ARAL MULA SA RESPONSABLENG PAGMIMINA

Para sa RTNMC, posible ang responsableng pagmimina dahil may mga batas na gumagabay sa limitasyon at responsibilidad ng malakihang pagminina. Maliban pa sa batas ng pagmimina, protektado rin ang probinsya ng Palawan rin ng mga batas tulad ng RA 7611 o Strategic Environmental Plan (SEP) for Palawan Act. Sa pagkakaroon ng maraming batas na humihingi ng pananagutan sa minahan, naseseguro na may nagagawang regular at istriktong multi-party na inspeksyon sa kompanya.
Naseseguro rin nito na malay ang mga empleyado at ang kompanya na dapat ligtas ang operasyon nito. Naiiwasan din ang mga aksidente at kalamidad na nakita sa kasaysayan ng pagmimina sa mga nakalipas na dekada.

Mahalaga ring makita ang nangingibabaw na framework na ginagamit ng RTNMC sa pagbibigay-halaga sa komunidad at kalikasan. Para sa isang negosyo, isang kalamangan ng kompanya na may kakayahan itong ideklara na responsable silang nagmimina, dahil sa puhunang ibinabalik nito sa komunidad na miniminahan. Halos magkapantay na nga ang pagpapahalaga sa tinutubo ng minahan at sa epekto nito sa kalikasan at mga komunidad na apektado ng operasyon nito. Isa itong pagbabago na hindi makikita sa industriya sa mga nakalipas na taon.

Mapalad rin ang kompanya na biglang tumaas ang presyo ng nickel sa pandaigdigang merkado dahil sa pagpapatigil ng pag-aangkat ng miniminang mineral ng Indonesia. Bunga nito, may kakayahan itong taasan pa ang puhunan pabalik sa pagpapabuti ng pinakamahusay na kasanayan ng pagmimina sa kapuluan. Ngunit, sa industriyang ito, handa bang gumastos nang higit sa itinakda ng batas para makapagmina nang responsable ang mga large-scale na minahan?

Makikita sa operasyon ng kompanya ang halaga ng isang matibay na teknolohiya upang walang nasasayang sa pagmimina. Dito binatikos ni dela Rosa ang nakapanghihinayang na Research and Development sa bansa. Halos umaasa ang industriya ng Pilipinas sa ibang bansa para sa mga teknolohiya nito. Nakalalamang nga ang bansa dahil sa estratehikong lokasyon nito sa pandaigdigang merkado, ngunit nakadidismaya diumano na masyadong nahuhuli ang Pilipinas sa teknolohiya kaya nakadepende tayo sa proseso sa ibang bansa. Kung may teknolohiya lamang nga raw ang bansa, kakayanin na siguro daw nito ang hindi pag-aangkat katulad ng ginagawa ng Indonesia. Ani dela Rosa, sana makita ng gobyerno na mahalaga ang R&D bilang susi ng kaunlaran ng parehong industriya ng pagmimina pati na rin ng ekonomiya ng bansa.

PAGTANAW

Ano nga ba ang hinaharap ng industriya ng pagmimina? Sa kasalukuyang indefinite moratorium na ipinataw ng Presidente para sa mga aplikasyon sa pagmimina, mayroon bang nakaambang malawakang pagpapasara ng mga kompanya? Nasa estado naman ang pagmamay-ari ng buong kapuluan, nasa gobyerno rin ang huling salita kung saan patungo ang industriyang ito. Magkagayon, magkaroon man ng kaunting pagluwag o paghigpit, naiimpluwensiyahan ng pamahalaan ang hinaharap nito.


Ngunit, sa kasalukuyang estruktura ng estado, nakadepende nang buo sa katatagan ng industriyang ito laban sa mga isyung politikal. Luluwag kaya ito pabor sa mga nagmimina kung may bago na namang presidente? O lubusan nang ipapahinto ang industriya upang paboran ang mga makakalikasang grupo?

Sa pagtatagisan ng mga boses sa industriyang ito, masasabi ngang maingay at samu't sari ang punto ng bawat isa. Gayunpaman, kung mayroong mga nangingibabaw, mayroon at mayroon ring mga naisasantabing mga boses na hindi napakikinggan. Sa diskursong ito, mahalagang makita ang sinasabi ng mga komunidad na maaapektuhan lalo na ang mga katutubo ng lugar na iyon. Sa huli, ang mahalagang maiwasan ang masalimuot na kasaysayan ng mga kalamidad na sanhi ng pagmimina sa bansa. Kasunod ng mga nasimulan nang pagbabago, mahaba-haba pang diskusyon ang mangyayari sa industriyang ito.



Dati, tahimik lamang 'yong mining industry kasi ginagawa naman namin 'yong kailangan katulad ng pagbabayad ng buwis, at may ginagawa kami para sa tao. Hindi namin kailangang mag-advertise. Sa nakalipas na taon, kinailangang maglabas ng mga patalastas tulad n'ong sa ABS-CBN, laban sa mga pambabatikos

-Bong Dela Rosa, Community Relations Manager, Rio Tuba Nickel Mining Corporation


kuwentong
PAMBATA
NINA ARIANE LIM AT ALEXANDER DUNCA
SINING NI CAROLINE CARMONA
LAPAT NI BIANCA ESPINOSA
PRESS
PAANO KA GINAWA?
Ang proseso at balakid sa likod ng pagkatha ng kuwentong pambata

F ilemon Mamon, Sandosenang Sapatos, Ang Pambihirang Buhok ni Raquel—lahat ng mga ito'y maaaring nakita n'yo nang ipinalabas sa iba't ibang bahay-tanghalan, lalo na ang Filemon Mamon na itinanghal ng Ateneo ENTABLADO sa Rizal Mini Theater noong nakaraang taon lamang. Mga katha itong puno ng kulay, kuwela't kakintalang hindi maitatangging tatak ng isang kathang pambata.

Subalit alam ba nating sa aklat nagmula sina Filemon, Susie at Raquel?

Unti-unti nang nakatatawag ng pansin ang ating mga Filipinong manunulat sa kanilang mga kathang pambata. Magagandang halimbawa ang mga kuwento ni Luis Gatmaitan, manunulat ng Susie at Raquel, na naisalin na sa iba't ibang wika't ginawan na rin ng cartoons sa iba't ibang bansa. Nariyan din si Christine Bellen, na ang kuwentong Filemon Mamon ay di lamang naisadula, kundi naisapelikula na rin.

KAKATWA SA KUWENTONG PAMBATA

Masalimuot ang proseso ng paglilimbag sa mga kuwentong pambata. Kung ikokompara sa ibang uri ng panitikan, mayroon itong malaking pangangailangan para sa sining, maging sa tagapagsalin, upang kaagad na maunawaan ng mga bata. Ngunit dahil sa pagiging kawili-wili't makulay nito, madaling namamaskarahan ang hirap na pinagdaraanan sa paglikha ng mga librong naglalaman ng kuwentong pambata.

Marami nang nabubuksang tanong ang kuwentong pambata sa usapan pa lamang nito bilang genre. Kakatwa nga namang isipin na hindi bata ang nagsusulat ng 'children's literature.' Maraming kasapi ng akademya ang nagsasabi na dapat tawagin itong 'literature for children.' Ngunit iba naman ang puna ni Jack Zipes tungkol sa paksa. Hindi niya ito tinatawag na panitikan dahil sa komersiyal na aspekto nito. Mas kinikilala niya ito bilang "institusyon."

"Hindi mapaghihiwalay ang pagiging sining ng kuwentong pambata sa aspektong kumikita ito," puna naman ni Christine Bellen, guro sa kagawaran ng Filipino sa Pamantasan ng Ateneo de Manila.

NAKAKALONG SA PANAHON

Ani Bellen, mayroong papel ang panahon sa pagpili ng paksa. Isinulat niya ang Filemon Mamon na tumatalakay sa obesity noong panahong maraming inilalabas na akda tungkol sa kalusugan. Sa parehong pagkakataon, lumabas ang isa pa niyang akda na Og Uhog, tungkol naman sa sipon na pinagdaraanan ng lahat.

"Ang uso naman ngayon: gender," pansin ni Bellen. Lumalabas na rin daw ang mga paksa tungkol sa lesbian parents, alternative families at "batang bading." Nariyan ang akda ni Bernadette Neri, Ang Ikaklit sa Aming Hardin at ang Bonggang, Bonggang Batang Beki ni Rhandee Garlitos.

Mahalagang makita na isinusulat na ang mga paksang ito bago pa man kumalat sa mga istante. Kung hindi nagagawaran ng parangal, napapansin naman ng akademya itong mga "special issue." Special issue ang katawagan sa iba't ibang isyung panlipunang tinatalakay ng isang kuwentong pambata.

Tanda ng pagbabago ng panahon ang paglimbag ngayon sa mga dating tinuringang 'maselan' na tema. Ayon pa kay Bellen, hindi natatapos ang mga isyung tinatalakay kung kaya't bumabalik-balik ito. "Gumagalaw lamang ng gumagalaw ang panahon hanggang sa matanto ng publisher na may pangangailangan nga," aniya.

ISYU SA SPECIAL ISSUE

Limitado ang paraan ng mga manunulat upang isulong ang kanilang ninanais na paksa lalo na kung special issue ito. "Dati 'yong UNICEF, sila 'yong nag-oopen ng publication para diyan pero hindi siya for public consumption." Ayon kay Bellen, kung hindi umaasa sa grants, babagsak at babagsak ang mga manunulat sa paghikayat sa mga palimbagan.

Mahirap man, pansin ni Bellen na hindi tumigil sa pagsusulat ang mga manunulat ng mga maseselang paksa. Aniya, adbokasya itong ipinaglalaban ng mga manunulat taon-taon dahil nakikita nila ang pangangailangan nito.

Ihinihambing din Bellen ang paghanap ng tema't paksa para sa isang kuwentong pambata sa isang grocery list. "Ano 'yong mga kailangan pero wala pa?" Dito makikita na naghihintay ang palimbagan ng pagkakataong puwede na't mahalaga nang pag-usapan ang isyu, bago nila ito ilabas sa merkado.

Kung hindi sinasakyan ng mga palimbagan ang mga umiiral na paksa, sila naman ang nagtatakda kung ano ang paiiralin. Kamakailan lamang naglabas ng paligsahan ang Adarna House kung saan naghahanap sila ng mga kuwentong tumatalakay sa pagbilang.

Mayroon ding mga samahang may sariling adbokasyang sumusulat at naglalathala rin ng sarili nilang kuwentong pambata upang ihain sa mga mambabasa't maging maalam na rin sila sa kanilang ipinaglalaban. Sa ganitong kaso, hindi miaalis sa aspektong pampanitikan ng katha't ang pagiging "improvisational"

> "Hindi mapaghihiwalay ang pagiging sining ng kwentong pambata sa aspekto din na kumikita ito.
>
> **Christine Bellen, Guro, Kagawaran ng Filipino, Pamantasang Ateneo de Manila**

> Kailangan talaga ng napaka-radikal na mga palimbagan para tumanggap sa children's [literature] na hindi nila iisipin na ibebenta ito sa mga , pero literature talaga ito na magugustuhan ng mga bata.
>
> **Christine Bellen**

nito, dahil kailangan talaga ng bata ang impormasyon.

PAGKUKUWENTO'T PAGTUTURO

Dahil sa nakapagtuturong aspekto ng kuwentong pambata, nagkakaroon ng pangangailangan sa mga ganitong kuwento, lalo na ngayon sa pagsisimula ng K-12. Nagsimula ang DepEd ng mga library hub kung saan naglalaan sila ng mga koleksiyon ng kuwentong pambata bilang alternatibong babasahin para sa textbook. Nakikitaan na rin kasi ng kahinaan ang mga kuwentong nakalathala sa mga ito.

Dito makikita ang isa pang hamon sa pagsulat ng kuwentong pambata: paano pagtatagpuin ang genre bilang panitikan at bilang babasahing pang-edukasyon?

Kinakailangang madaling maintindihan ng mambabasa ang akda ngunit hindi ito nangangahulugang dapat simple lamang ang wikang gamit. Kailangan din nating makapagturo ng mga bagong paksa sa pamamagitan ng panitikan. Higit sa lahat, dapat madaling maiuugnay ng mga kabataan ang kanilang mga sarili sa mga tauhan.

SALAMIN, SALAMIN

Marami sa mga akdang pambata ang nakatuon sa isang natatanging karanasan: pagkatakot sa dilim, pagpunta sa palengke, kung paano maging bata noong panahon ng Batas Militar. Kumbaga, may pagka-"general" ang mga paksang ginagamit ng kuwentong pambata. Ngunit ang parehong katangiang pangkaranasan ng kuwentong pambata, pansin ni Bellen, ang siyang nagiging hadlang din nito sa pagiging pambata.

Hindi lamang nakapaloob sa iisang karanasan o sa iisang kuwento ang karanasan ng lahat ng mga bata. Lalong nagiging mabigat at maselan ang hindi pagkapaloob ng bata sa napakatanging karanasan ng kuwento kapag malapit at mahalaga sa bata ang paksa—mapapamilya man o identidad.

Sinasalamin ng kuwentong pambata ang kalagayan ng isang bansa. Tulad na lamang sa Estados Unidos, dahil sa pagdami ng mga pamilyang Asyano, pinapaksa na rin nila ang suliranin ng isang batang Asyano na lumalaki sa Estados Unidos. "'Yong mga bata, nalilito sila: bakit hindi sila blonde?"

Ngunit hindi lang naman ang paksa ang sumasalamin sa kalagayan ng bansa, kundi pati rin ang anyo kung saan ito inilimbag.

Nakalathala sa dalawang wika ang ating mga kuwentong pambata. Bihira ka na lamang makakakita ng mga librong sa iisang wika lamang nakalimbag. Mayroon itong malinaw na dahilan. Una, kinikilala nating bilingual ang ating bansa. Pangalawa, kung sakaling isang wika lamang ang alam ng mambabasa, maibebenta pa rin ang libro sa kanila.

Gayunpaman, lumilikha ng problema ang pagkakaroon ng dalawang wika sa parte ng manunulat. Mayroon at mayroong mawawala sa pagsalin ng isang akda lalo na sa mga kathang naglalaro sa tunog bilang estilo sa pagsulat sa akda. At habang alam ito ng mga nasa akademya, sa palimbagan at mismong nagsusulat, hindi pa naisasapundasyon ang mga proseso. Walang ugnayan ang manunulat sa itinalagang tagasalin ng palimbagan habang nasa proseso ito ng pagsalin. Makikita na lamang ng manunulat kung anong ipinapalathala nito.

"Instinctive talaga 'yong writers dito," ayon kay Bellen. Dagdag pa niya, sa ibang bansa, kompleto mula sa mga kasapi ng akademya, kritiko, sikolohiko, manunulat at sino pang dalubhasa na kakailanganin ng piyesa ang nagpupulong sa pagrerepaso ng kahon-kahong kathang pambatang ipinadadala para sa ganitong dahilan.

KAILAN TATANDA ANG KUWENTONG PAMBATA?

Kung tutuusin, nagsisimula pa lamang ang kuwentong pambata dito sa ating bansa. Noong 1960s lamang napagdesisyunang mayroong pangangailangan ang ating bansa sa genre na ito. Magdadalawang dekada pagkatapos ng giyera, inilatag ang pundasyon ng kathang pambata sa Pilipinas sa ilalim ng pamumuno ng mga Amerikano, sa ilalim ng edukasyong Amerikano.

Pagdating ng pamamahalang Marcos, kakatwang sumama ang tugon at direksiyon ng kuwentong pambata sa panitikan ng protesta. Noong 1977, lumihis ng daan ang mga kuwentong pambata at tumulong sa mga institusyong talakayin ang kanilang mga hangarin.


Nagsimula na rin ang paggamit ng agham at pananaliksik sa industriya. Halimbawa, isinasalang ng Adarna House sa isang tinatawag na kid test. Dito, nakikipag-uganayan ang palimbagan sa mga paaralan upang basahin ng mga estudyante ang akda't makita kung magugustuhan nila ito. Bagama't naisasaalang-alang ng ganitong proseso ang pananaw ng bata sa akda, kung hindi ito magugustuhan ng bata sa ano mang dahilan, hindi na ito ililimbag.

"Hindi kinikilala nang buo ang kuwentong pambata sa Pilipinas," pansin ni Bellen sa merkado ng kuwentong pambata. Marami pang mga sub-genre ang pumapailalim sa kathang pambata: may tula, nobela, at maikling kuwento. Subalit dahil sa matinding kapit ng merkado sa mga

picture books, nahihirapang bigyang-pansin ang iba pang uri ng 'literature for children.'

Nawawalan ng kalayaan ang mga manunulat na sumubok pa ng iba pang anyo. Patuloy na sanhi nito ang takot ng mga palimbagan na maaaring 'di maibenta ang teksto. "Kailangan din nating turuan ang mga bata kung paano magbasa," ayon kay Bellen.

"Kailangan talaga ng napaka-radikal na mga palimbagan para tumanggap sa children's [literature] na hindi nila iisipin na ibebenta ito sa mga , pero literature talaga ito na magugustuhan ng mga bata." Sa kanyang palagay, darating ang panahon na magkakaroon ng self-published na kathang pambata dahil maiinip ang mga manunulat na mailabas ang kanilang mga katha. Iyon nga lamang, dahil na rin sa mataas na mark-up sa mga bookstores, hindi nila malalaman kung saan at kanino ibebenta ang kanilang mga akda. Gayunpaman, makakaasa tayong patuloy na gagawa ng ingay ang kuwentong pambata pero mahabang proseso ang gugulin ng pagtugon sa mga isyu ng genre, tema, at adbokasya. Tantiya ni Bellen, marahil mga dalawa o tatlong dekada pang mananatili sa ganitong kalagayan ang estado ng panitikang pambata sa Pilipinas. Sa kanyang palagay, dapat maisabay ang genre sa iba pang media upang makilala ito ng buong buo.



PAGTANAW SA IBAYO NG KINAGISNANG BAKOD

Isang Pasilip mula sa Dulang Middle Finger ng Tanghalang Ateneo

NI RHEA LEORAG
KUHA NI DYAN FRANCISCO
LAPAT NI MELVIN MACAPINLAC

Isang malalimang pagtalakay ng misteryo at paghahanap ng identidad ang inilahad ng Middle Finger, pambungad na dula ng Tanghalang Ateneo para sa ikatatlumpu't anim nitong taon. Sa panulat ni Han Ong, pagsasalin sa Filipino ni Ronan Capinding at direksiyon ni Ed lacson, Jr., ipinakilala ng dula ang buhay ng apat na kabataang Filipino na nag-aaral sa isang pribadong Katolikong mataas na paaralan sa Estados Unidos.

MISTERYO

"Matapos ang ilang pagninilay, napag-isipan kong interesante para sa akin ang misteryo. Hindi iyong misteryong kagaya ng makikita sa mga kuwentong tulad ng Hardy Boys o mga misteryo ng rosaryo, kundi 'yong mga bagay na mahalaga sa atin at nais nating maunawaan."*

Ito ang naging pahayag ni Benjamin Lunga, isa sa mga pangunahing tauhan at ginanapan ng aktor na si Joe-nel Garcia, habang ipiniprisinta ang sanaysay na kanyang isinulat para sa klase. Kaugnay ito ng isang larawan nila ng kanyang ina, kung saan pareho silang nakangiti, gayong punong-puno ng kalungkutan ang mga alaala niya ng araw na kinunan ang litratong iyon.

Isang nagsisinungaling na larawan, isang pagtinging hindi nagpapahayag ng buong kuwento. Maraming beses na makikita sa dula ang tema ng kahalagahan ng mas malalimang pagkilatis, o ikalawang pagmamasid man lamang, habang karamihan sa ati'y kontento na sa unang pagtingin. 'Yong nakita mong estudiyante at prosti na magkasama kanina sa kanto, hindi laging sa hotel o kuwarto ang hantungan, kundi maaari ring isang malalim na pagkakaibigan. Maraming nais sabihin sa atin ang mga bagay sa ating paligid, kung handa lamang tayong umunawa. Iyon nga lang, masyado na tayong abala sa pag-uulit ng nakasanayan, pagsunod sa kinikilalang awtoridad, at pagsasabing, "I am evil and I will not enter the kingdom of God."

PAGHANAP SA SARILI

Si Benjamin at ang kanyang mga kaibigang sina Jakob (ginanapan ni Guelan Luarca), Wallace (Gab Tibayan), Yachin (Brian Ramon), at Michael (Avie Alcantara), ay nasa edad kung saan matindi ang pagnanais na makilala ang sarili at mahanap ang identidad na siyang nagpapakilala sa kanila. Iba't ibang isyu rin ang hinaharap ng bawat tauhan, na sumasalamin sa karamihan sa kabataan ng kasalukuyang panahon. Nariyan ang mga tanong ukol sa relihiyon, sex, mga isyu sa pamilya, pakikitungo sa mga kaibigan, pagsunod sa kulturang kinabibilangan, at kung ano-ano pa.

Ipinakilala ng dula ang isang mukha ng proseso sa paghahanap ng identidad na ito-isang prosesong magulo, paligoy-ligoy, nakalilito, nahaharangan ng iba't ibang mga balakid, at kadalasa'y naididikta ng ibang tao o ng lipunang ginagalawan. Tanging katotohanan lamang ang kanilang hinahanap: si Jakob sa kanyang pakikipag-usap sa kaibigang prostitute, si Yachin sa paglalahad ng kanyang kamay sa kapatid na may malaki ring isyu ukol sa tiwala sa sarili, at si Wallace sa kanyang pagnanais na maging magaling na manunulat.

PAGSASAILALIM SA KAPANGYARIHAN, PAGKABIHAG

Idinisenyo ang entablado na tila ba isang kulungan, napaliligiran ng matataas na bakod. Tanaw mo man ang nagaganap sa labas, hindi ka makagalaw, hindi ka sigurado, lalo pa't nariyan ang mga may-kapangyarihang nagsasabi sa'yong "Mali ito!" "Mali iyan!" "Ganito ka dapat!"

Sa mundo ng mga tauhan, napaliligiran sila ng mga nakatatandang nagtatakda

ng mga dapat nilang gawin, gayundin ng mga patakarang kailangang sundin. Kabilang sa mga ito ang karakter nina G. at Gng. Rodriguez, mga magulang ni Jakob; gayundin ang school principal at guro sa kanilang paaralan, na siya ring nagdikta kay Benjamin kung aling akda ang isinulat niya at hindi. Dahil masyadong malalim ang sanaysay na kanyang inilahad, dalawa lamang ang posibilidad: mayroon siyang personal na problemang dapat na ipaalam sa paaralan, o di kaya nama'y kinopya lamang niya mula sa ibang sanggunian ang nasabing akda. Iyon lamang, wala nang iba.

Nagkulang ang mga nakapaligid sa kanila sa pag-unawa sa misteryong bumabalot sa buhay ng bawat kabataang tampok. Sa iba't ibang punto ng dula, mararamdaman ang matinding galit nina Jakob at Benjamin sa bakod na siyang nagtatakda ng hangganan ng kanilang mundo, at ang pagnanais nilang makalabas dito. Hindi madali ang pakikibaka sa mundong sarado, lalo pa kung halos lahat ng oportunidad at pagpipilian ay inagaw na mula sa iyo. Habang pinili nina Wallace, Michael, at Yachin na manatili sa loob ng bakod, pinili nina Jakob at Benjamin na magpunyagi at lumabas. Si Jakob, sa pamamagitan ng paglabag sa mga patakarang sa tingin niya'y walang kabuluhan; si Benjamin, sa pamamagitan ng pagkitil sa sariling buhay.

MISTERYO, BUHAY, AT PAGUSAD

"At sa tingin ko, mamamatay akong hindi nahahanap ang sagot sa aking katanungan."

Sa ganitong paraan tinapos ni Benjamin ang kanyang sanaysay ukol sa misteryo. At sa pagtatapos ng kanyang maikling buhay, hindi malinaw kung naunawaan na nga ba niya ang misteryong bumabalot sa larawan nila ng kanyang ina, sa pagkamatay ng kanyang stepfather, at sa mismong buhay na pinili niyang kitlin dahil "kailangan."

Sa tuluyang paglabas sa bakod ng buhay na nakilala, nakikita na ni Benjamin ang lahat- ang buhay ng kanyang mga kaibigan sa loob at labas ng paaralan, gayundin ng mga may-kapangyarihan na matindi kung mag-estima at magpatupad ng mga patakaran, subalit may sarili palang paglabag na mga ginagawa kapag hindi na nakatingin ang madla.

Nagtapos ang dula sa isang "pagtatagumpay" ni Jakob laban sa kaguluhan ng kanyang pamilya at pangmamanipula ng mga namumuno sa kanilang paaralan. Pinili niyang sumunod sa kanilang mga kagustuhan at maging mabuti sa kanilang mga mata. Sa paningin ng mga nakapaligid sa kanya, ginawa siyang responsable ng pagkamatay ni Benjamin, ang pinakamatalik niyang kaibigan.

Subalit sa kaibuturan ng kanyang kalooban, binubuhay si Jakob ng matinding galit na kanyang nararamdaman. Sa isang pag-uusap nila ni Benjamin, inilahad ni Jakob ang tunay niyang nararamdaman, "Galit ako sa kanila, Lunga. Sa ginawa nila sa'yo, at sa ginagawa pa rin nila. At sa unang beses sa buong buhay ko, sarap na sarap akong mabuhay dahil sa galit."

Dito man nagtapos ang dula, hindi dito nagtapos ang pakikipaglaban ni Jakob, ang tahimik na pagmumura at pagtutok ng kanyang gitnang daliri sa lahat ng mga puwersang nais diktahan ang kanyang buhay, nang hindi man lamang nila napapansin. Tama man ito o mali, ito ang realidad ng buhay. Ito ang kinakaharap ni Jakob, gayundin ng karamihan sa atin, sa iba't ibang pamamaraan. Desisyon natin kung paano tayo uusad, kung paano haharap sa buhay, kung mananatili ba tayo sa loob ng o magrerebelde laban sa kinagisnang bakod, tungo sa paghanap ng ating tunay na sarili.

--

Itinanghal ang Middle Finger noong ika-1-2. 5-9. 12-18, at 19-22 ng Agosto sa Ateneo Fine Arts Black Box Theater.



Daan Papuntang Pag-asa

KUHA NINA JACEE ABARRIENTOS AT KHALIL REDOBLE
TULA NI RAY JOHN SANTIAGO

Sa pagtahak ng daan patungo sa karimlang kasalanan
Ang paghahanap ng katotohanan

Iyong makikilala ang mga natatanging balakid
Susubuking supilin ang iyong paglapit sa kaalaman

Anumang ingay, parusa'y kamatayan
    ng pag-ibig
    ng liwanag
    ng tadhana
at ang pinakamalakas na kalaban ay katahimikan at kamangmangan
Sapagkat kamatayan ang katahimikan

Huwag matakot at imulat ang mga matang mapagmatyag
Kung nakikita na ang abot-tanaw
Nandoon ang pag-asa
Nandoon ang pag-asa

NINA ALLISON LAGARDE AT ERROL YABUT
SINING NI FRANCHESKA VILLANUEVA
LAPAT NI MELVIN MACAPINLAC



SILANG WALANG MABABALIKAN

Sa pagitan ng putukan ng bala, hindi na tinatanong kung sinong tama o mali, kundi kung sino na ang napag-iwanan. Kumusta na nga ba ang IDPs ng Zamboanga?

Isa sa pinakamalaking kaguluhang naganap noong 2013 ang sagupaan sa pagitan ng Moro Islamic Liberation Front at ng Armed Forces of the Philippines. Kitang-kita noon ang pagwagayway ng watawat ng Bangsamoro Republic sa Zamboanga City Hall, kasabay ng naganap na pangho-hostage ng mga sibilyan.

Sa pagitan ng putukan ng bala at palakasan ng armas, may humigi't kumulang 146,000 katao ang napilitang lumikas mula sa kani-kanilang mga tahanan at naging Internally Displaced People (IDP's).

Labing-isang buwan na ang nakalipas buhat nang maganap ang nasabing insidente, ngunit kakaunti lamang ang mga balitang lumabas ukol sa nangyaring sagupaan. Buwan ng Hulyo nang huling ilabas ang pahayag tungkol sa kasalukuyang kalagayan ng mga IDPs sa Zamboanga. Ayon sa artikulong inilabas, nasa 40,000 katao na lamang ang natitira sa mga evacuation centers , ngunit nasa 100 na ang mga namatay dahil sa pagkalat ng iba't ibang karamdaman. Patuloy na lugmok sa mahirap na kondisyon ang IDP's habang lumalagi sa evacuation centers, transitional sites o tinanggap sa tahanan ng ibang pamilya (host families).

IDPS AT ANG KANILANG KARANASAN

Ayon Zamboanga International Committee of the Red Cross Operational Update Newsletter na inilabas noong Hulyo nitong taon, tinatayang mahigit 140,000 katao ang sabay-sabay na nawalan ng kapayapaan at tahanan noong Setyembre 2013. Paglalahad ni Dr. Ma. Lourdes V. Rallonza ng Kagawaran ng Agham Pampolitika,

Pamantasang Ateneo de Manila, pinaiiral pa rin sa mga ganitong pagkakataon ang mga angking mandato ng iba't ibang ahensiya at institusyon ng gobyerno sa pagbibigay ng karampatang serbisyo para sa IDP's.

Pinakaunang tumutugon ang Local Government Units (LGU's) para sa agarang paglilikas ng mga apektado. Dinala ang IDP's sa Don Joaquin Enriquez Stadium, kung saan nabigyan sila ng paunang lunas at mga paunahing serbisyo mula sa DSWD at NGOs tulad ng Red Cross.

Bilang isang resource person sa isinagawang workshop ng Philippine Center for Islam and Democracy at United Nations Development Fund noong Disyembre 2013, personal na nakita ni Dr. Rallonza ang kalagayan sa mga evacuation site tatlong buwan matapos ang malawakang paglikas. "Ang pinag-uusapan dito, limang apektadong barangay. 120,000 na tao na kailangang i-relocate. Sa [Don Joaquin] Enriquez Stadium, kahit dalawang buwan na ang nakalipas, punong-puno." Bukod pa sa siksikan, binigyang-diin din ni Dr. Rallonza ang pagkakaiba ng mga taong sabay-sabay na isinalaksak sa iisang stadium. "Meron silang mga kaibahan, meron silang mga cultural sensitivities, merong peculiarities o uniqueness na hindi mo sila basta-basta malalagay sa isang lugar en masse."

Halimbawa nito ang kaso ng mga Badjao. Abril ngayong taon, lumabas ang mga isyu ng diumano'y pagpilit ng gobyerno ng Zamboanga na i-relocate ang mga Badjao sa kabundukan. Ani Dr. Rallonza, "ang mga Badjao ay nakatira sa tubig. Doon sila sa stilt houses nila. Hindi mo sila puwedeng ilagay sa area na [tuyo at] patag dahil ang buhay nila ay nasa tubig. Kaya, umalis sila sa Stadium at doon sila nagpunta sa Cawa Cawa dahil nandoon 'yong ilog." Higit sa pagbalik sa nakasanayan, isang praktikal na dahilan ang pumipilit sa mga Badjao na humanap ng dagat o anyong-tubig: ito lang din alam nilang kabuhayan.

Dahil na rin sa kakulangan ng kamalayan ng mga tumutulong sa kultura at relihiyon ng mga nasalanta, nasasayang ang mga tulong na naibibigay. "Maganda na

> Kung ano man ang nangyayari sa paligid natin, kailangang pag-usapan sa matalinong diskurso. Nang sa gayon ay merong basehan ang iyong aksyon. Merong basehan ang iyong pananalita na sana magkaroon ng pagbabago.
>
> **Dr. Rallonza ng AdMU**

magbigay ng tulong, pero nagkaroon ng mga pagkakataon na nabigyan ng mga de-latang baboy ang isang lugar ng mga Muslim. Bibigyan mo ang mga Badjao ng karne 'e hindi naman sila kumakain nito. Hindi nalulubos ang maaaring gamit ng mga tulong dahil hindi sila malay sa mga bagay na ito," lahad ni Dr. Rallonza.

Kumakalat rin ang iba't ibang sakit sa mga evacuation sites. Mula sa ulat ng pamahalaan ng Zamboanga noong Hulyo 10, 2014, may humigit-kumulang 140 katao na ang namatay sa loob ng mga evacuation center at transitory site. "Noong dumating ako, mayrooong batang kamamatay lang, at hindi mailibing kaagad. Habang nakaburol, habang tumatagal, mag-de-decompose at kumakalat ang sakit," dagdag pa niya.

MGA PAGBABAGO

Sa kabila ng madilim na larawan ng karanasan ng IDPs, hindi naman masasabing walang nangyayaring pagbabago. Nakapagtayo na ng makeshift na eskwelahan ang mga NGO para sa mga batang IDP na naudlot ang pag-aaral. Hindi rin nawawala ang positibong pagtingin sa buhay. "Alam mo nang wala silang makain pero iimbitahin ka pa ring kumain," pagbabahagi ni Dr. Rallonza.

Ibinahagi ni Fr. Albert Alejo, SJ ng Pamantasang Ateneo de Zamboanga ang unti-unting pagliit ng bilang ng IDPs sa transitional sites. "Dahil sa pagkaunti ng mga "bakwit" sa loob ng Grand Stand, wala ka nang maaamoy habang dumadaan ka sa labas. Sa Cawa-Cawa Boulevard, na dati'y punong-puno ng IDPs, nasa gilid na lamang at wala nang mga nakasampid na mga tent o barung-barong sa mismong mga 'isla. Hindi mo na rin matitisod ang mga batang dati-rati'y naglipana sa kalsada. Marami pang dapat gawin, pero sa totoo lang, may pagbabago na. Kung puwede nga lang talagang mas bilisan pa ang pagkilos."

Hindi maikakailang maraming ginagawa ang gobyerno katulong ang mga NGO at civil society organizations upang maisaayos ang kondisyon ng IDPs sa lalong madaling panahon, pero hindi ganoon kadaling maresolba ang lahat ng problema. Ayon kay Dr. Rallonza, 18 buwan (mula Disyemebre 2013) ang inaasahang time frame ng mga awtoridad sa pagsasaayos ng sitwasyon sa Zamboanga. Kaya kahit pa 10 buwan na ang nakararaan at para sa marami'y masyado nang matagal, nasa loob pa at mahaba pa ang nalalabing panahon para maisakatuparan ang mga plano para sa relokasyon ng IDPs.

Sa kasalukuyan, patuloy pa rin ang pakikipagtulungan ng lokal na pamahalaan ng Zamboanga sa mga humanitarian aid para mapaganda ang buhay ng mga IDPs. Paniniwala ni Fr. Alejo, "magbabago ang pananaw ng mga tao sa pook na ito at lilitaw, babangon ang isang bagong Zamboanga."

Sa labas ng Zamboanga, may papel ding kailangang gampanan ang mga taong hindi apektado ng kaguluhan at patuloy na nakikisapi sa diskurso ukol sa IDPs. Ani Dr. Rallonza, "Ang mga tao, kailangang tumalino nang kaunti, kailangang pagsikapan na mag-analisa at tingnan ang iba't ibang anggulo ng isyu. Kailangan ng sopistikasyon ng pag-iisip. Lagyan ng laman ang kung anoman ang sasabihin. Napakadaling sabihin, napakadaling i-post sa Facebook. Pero kailangan ng pagsisikap na makaunawa. Huwag isama sa pulitika, sa propaganda, sa pansariling interes ang mga buhay ng IDP. Sabihin mo kung ano 'yong pwede mong maitulong. Ang magsalita, madaling gawin. Kung gusto mong tumulong, ikaw mismo ang pumunta doon. Hindi puro salita."

MGA PANUKALA AT MGA POLISIYA

Marami sa IDPs ang hindi basta-bastang

makakabalik sa kanilang tirahan. Nagiging mahirap para sa gobyerno ang organisadong pagbalik sa kani-kanilang tirahan, dahil karamihan sa kanila'y hindi rehistrado o illegal lamang na namamahay sa lugar na iyon. Kasalukuyang kumikilos ang gobyerno ukol sa suliraning ito.

> Alam mo nang wala silang makain pero iimbitahin ka pa ring kumain.
>
> **Dr. Rallonza ng AdMU**

Nagpatayo ang Department of Social and Welfare Development (DSWD) ng bunk houses kung saan pansamantalang naninirahan ang IDPs. Bukod rito, nagbibigay sila ng relief goods upang pansamantalang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan.

RIGHTS OF INTERNALLY DISPLACED PERSONS ACT OF 2013

Noong ika-29 ng Mayo 2013, idineklara ni Pangulo Benigno "Noynoy" Aquino III ang kanyang pagtanggi sa pagpirma, o pagbeto ng House Bill 5627 at Senate Bill 3317, o mas kilala bilang, Rights of Internally Displaced Persons Act of 2013. Ayon sa United Nations Higher Commission for Refugees (UNHCR), isinasaad ng panukalang batas na ito ang mga karapatang pantao ng sinomang nakaranas ng sapilitang pagpapaalis o paglisan bunga ng kalamidad o sakuna. Isinasaad rin dito na nararapat makatanggap ng kabayaran sa pagkamatay ng miyembro ng pamilya at pagkawasak ng mga ari-arian. Sa huli, idinidiin nito ang karapatan ng tao sa buhay, kalayaan, karangalan at seguridad.

Gayunpaman, hindi pinahintulutan ni PNoy ang pagsasabatas ng nasabing panukala, sapagkat lumalabag raw ito sa Konstitusyon. Ayon sa isang ulat mula sa Philippine Star: Una, hindi naayos sa batas ang pag-iiba ng mga IDPs; Ikalawa, eksklusibo lamang sa Judiciary ang kapangyarihang tukuyin ang pinsalang natamo ng mga IDPs at magbigay ng karampatang kabayaran. Kung sakaling maipatupad ang Senate Bill at House Bill, mahahati ang nasabing kapangyarihan sa pagitan ng Judiciary at CHR (Commission on Human rights) na bumabangga sa nakasaad sa batas. Ikatlo, labag sa konstitusyon ang mga karagdagang kapangyarihang ipinagkakaloob ng panukala sa CHR; at ikaapat, ang pagbibigay ng kapangyarihan sa mga IDPs na magdemanda laban sa gobyerno ay tumataliwas sa "non-suability" ng Estado.



MODERNONG MARHINALISAYON AT MINORISASYON

Masasabing isa sa mga pangunahing ugat ng hidwaan sa Mindanao ang isyu ng modernong marhinalisasyon at minorisasyon. Kung babalikan ang kasaysayan ng pagkakasaklaw ng Mindanao sa teritoryo ng Pilipinas bilang estado, maiintindihan ang tensyong umiiral sa pagitan ng mga pangkat ng Luzon, Visayas at Mindanao na lubos naimpluwensiyahan ng kolonisasyong Hispaniko at ng mga nanatiling Muslim at mga katutubo. Mula sa pormal na kasunduan sa Treaty of Paris, hanggang sa mga ehekutibong aksiyong isinantabi ang interes ng Moroland para sa pakinabang ng gobyerno, hanggang sa mabuo ang mga grupong layong magdeklara ng kasarinlan, patuloy ang takbo ng mga tema ng marhinalisasyon at minorisasyon.

Binigyang-diin ni Dr. Rollanza ang kahalagahan ng tiwala sa pag-iral ng mga marhinalisadong isyu tulad ng kondisyon ng mga IDPs sa Zamboanga. "Laging magtiwala sa halaga ng sangkatauhan. Magtiwala sa halaga ng buhay ng bawat tao. Kung ano man ang nangyayari sa paligid natin, kailangang pag-usapan sa matalinong diskurso. Nang sa gayo'y merong basehan ang iyong aksyon."

"Lahat naman tayo gusto natin ng pagbabago. Lalong -alo na doon sa mga taong nakakalimutan na. Huwag tayong makalimot," dagdag pa niya.

Sarili't Lipunan sa Usapin ng Kapayapaan

Isang Pagpapakilala sa Peace Psychology Kasama si Dra. Tina Montiel

NI LANCE GAMBOA
KUHA NI DYAN FRANCISCO AT TOPH DONCILLO
LAPAT NI BINACA ESPINOSA

S a kasalukuyan, isa sa mga kinahihiligang larangan ng pananaliksik ang sikolohiya. Sa panahon kung saan binibigyang-diin ang kapangyarihan ng tao na baguhin ang kanyang sarili at ang mga nakapaligid sa kanya, maituturing na kawili-wili at makabuluhan ang tangkang pag-unawa sa takbo ng kanyang isip, at sa mga maaaring mga sanhi o bunga nito.

Nitong nakaraang dantaon, karamihan sa mga pag-aaral na inilathala sa larangang nabanggit ay naiukol sa sikolohiya ng pagtanda (developmental), mga relasyon (social), mga mental na karamdaman (clinical at medical), at pag-iisip ng mga manggagawa (industrial-organizational). Subalit kasabay ng pagtatapos Ikalawang Digmaang Pandaigdig at pagsisimula ng Cold War, gayundin ng iba't ibang lokal na pag-aaklas noong dekada singkuwenta ay ang pag-usbong ng isa pang aspekto ng pag-uugali ng tao at ng lipunan – ang sikolohiya ng kapayapaan, na mas kilala bilangpeace psychology.

Nakatutok ang larangang ito sa mga tunggaliang matatagpuan sa lipunan,at kung paano maaaring ayusin ang mga ito sa tulong ng mas malalim na pag-unawa sa balangkas ng sistemang politikal at mga naging karanasan ng tao. Kaugnay ng layuning ito, laman ng mga pag-aaral sa peace psychology ang mga malakihang digmaan (global man o sibil) at ang mga mas maliliit na isyu tulad ng mga away sa lupain.

PAGPAPAKILALA

Isa sa mga bantog at kinikilang sikologo sa larangan ng peace psychology si Dra. Cristina Jayme Montiel, propesor ng sikolohiya sa Pamantasang Ateneo de Manila. Noong taong 2010, ginawaran siya ng Ralph K. White Lifetime Achievement Award, isang gantimpalang ipinagkakaloob sa mga sikologong may natatanging kontribusyon sa peace psychology, para sa kanyang mga pag-aaral tungkol sa iba't ibang mapayapang kilusang nagpatalsik sa mga autokratikong pamahalaan at nagluklok sa demokrasya sa Pilipinas at sa iba pang bahagi ng Asya.

Unang nahilig sa usapin ng mga tunggalian si Montiel noong nasa ilalim pa ang Pilipinas ng Batas Militar. Dahil sa katakut-takot na mga karanasan, sumapi si Montiel sa mga kilusang naglayong ibalik ang demokrasya sa bansa. Sa pakikilahok na ito, nabuo ang isang puna sa isip ni Montiel, na nagtulak sa kanyang pag-aralan pang mabuti ang pagresolba sa mga tunggalian. "Napansin kong maaaring dumaan marahas o 'di-marahas na pamamaraan ang mga pagkilos. Doon ako unti-unting napunta sa peace psychology."

PAGBABALANSE

Para kay Montiel, malaki ang pakinabang ng peace psychology sa pagbuo natin ng ating bansa, gayundin sa pag-aayos ng mga politikal na kaguluhan sapagkat napagbabalanse raw nito ang halaga ng tao at ang istruktura sa bawat sitwasyon.

Naniniwala si Montiel na sa labis na pagtuon ng sikolohiya sa pag-uugali at pagka-indibidwal ng tao, hindi na ito nabibigyan ng sapat na kapangyarihan upang makalikha ng malakihang pagbabagong kinakailangan ng lipunan. Sa larangan naman ng agham pampolitika at sosyolohiya, masyadong malawak ang ginagawang pagtanaw sa sitwasyon na siyang nagreresulta sa pagkalusaw ng dignidad ng tao, na dapat sana'y pangunahing instrumento ng pagkilos.

"Kung puro politika na lang, nawawala ang paggalang sa dignidad ng tao. Kung panay dignidad ng tao naman, nawawala ung pangangailangan na bumangga sa marahas na sistema."

Sa pamamagitan ng peace psychology, napagdurugtong ang mga larangang nabanggit at naisasaalang-alang ang kaugnayan ng kalooban ng tao sa pagkilos ng mga organisasyon, estado, at puwersang global; upang lalong maunawaan ang magkakaibang suson ng tao't sitwasyon, at mabigyan ng mas akmang solusyon ang kinakaharap na gulo.

SAKRIPISYO

Ilan sa mga pananaliksik na ginawa ni Montiel ay tungkol sa mga kaganapan noong 1986 EDSA Revolution. Maiaangkop nga naman sa makasaysayang pangyayaring ito ang mas malalim na pagtinging ginagamit ng peace psychology.

Ayon kay Montiel, hindi lamang isang simpleng pagbangga ng naaaping masa sa marahas na diktadura ang nasabing pag-aaklas. Sa halip, bunga ito ng maayos

> "Kung puro politika na lang, nawawala ang paggalang sa dignidad ng tao. Kung panay dignidad ng tao naman, nawawala ung pangangailangang bumangga sa marahas na sistema.

at sistematikong pagkilos ng iba't ibang tao sa loob ng isang organisasyong nagpapasya kung paano idaraos ang rebolusyon. Sa larangang panlabas, aging malaking tulong din ang paglitaw ng dalawang pinuno – sina Cory at Cardinal Sin – upang pagtibayin ang puwersa sa kalsada.

Sa larangang panloob naman, tinitingnang ni Montiel bilang dahilan sa pagtatagumpay ng rebolusyon ang pagkakawatak-watak ng mga miyembro ng pamahalaang Marcos. Dahil dito, tumiwalag sa gobyerno ang militar at biglang nagkulang ang kapangyarihan ng estadong harapin ang pagtitipon sa EDSA.

Gayumpaman, ang pagtatagumpay ng masa ay hindi nangangahulugang nagtagumpay rin ang tao. Naniniwala si Montiel na nabuo ang nasabing kilusan kahit na hindi buo at may kani-kanyang suliranin at pighati ang mga tao noong panahong iyon. "Ang sakripisyo lang doon ay iyong kabuuan ng kalooban ng tao. You can have political victories even without victory over one's integrative self, and that is the sacrifice. It's not a necessary sacrifice, but it's a sacrifice."

PAGBASAG SA PAG-UUWING PANLIPUNAN

Maaaring ihanay bilang isang anyo ng labanan ng mga uring panlipunan Ang mga pag-aaklas na tulad ng 1986 EDSA Revolution. Para kay Montiel, ang mga pag-uuring ito'y isa lamang sa napakaraming paraan upang mas maunawaan ang iba't ibang grupong sangkot sa tunggalian. Subalit sa kanyang palagay, hindi na gaanong epektibo ang ganitong klase ng pag-uuri sapagkat higit na masalimuot na ang lipunan ngayon kaysa noong panahon nina Marx, Lenin, at Mao, na siyang mga nagpasimuno ng usapin ng komunismo.

Sa pagkakaunawa ni Montiel, mabilis na naiuugnay ang mga uring panlipunan sa katayuan sa ekonomiya ng mga grupo sa mga panahong iyon, dahil karamihan sa populasyo'y naniniwalang mahirap baguhin ang ganitong batayan.

Subalit sa makabagong panahon, mas makapangyarihan na ang tao at kaya na niyang basagin ang mga politikal at ekonomikal na uring dapat sana'y lilimita sa kanya. "Groups can transcend their positions and alter their conditions." Dito makikita ang paghihiwalay ng tao sa istruktura at lilitaw ang pangangailangang pagtulayin ang dalawa sa pamamagitan ng peace psychology.

PAGPAPALAWAK

Sa ngayon, dumarami na ang mga sikologong nagiging interesado sa mga usapin at tanong na tinatalakay ng peace psychology. Sa katunayan, mayroon ngang ilang nagtatrabaho na sa gobyerno upang resolbahin ang iba't ibang tunggaliang kinakaharap ng ating bansa ngayon. Halimbawa nito ang Atenistang magiging presidente ng Notre Dame University sa Cotabato, na tumutulong sa pakikipagnegosasyon sa Bangsamoro at ang isa pang peace psychologist na aktibo naman sa Office of the Presidential Adviser on the Peace Process. Tinataya ni Montiel na, "Maaaring [sa kalaunan], mailalagay sila sa mga istratehikong posisyon upang maging susi ang peace psychology sa isang maayos at matiwasay na lipunang Pilipino."*



BANDA RITO BANDA ROON



NINA JC BELTRAN AT RHEA LEORAG
SINING AT LAPAT NI KHALIL REDOBLE

SA PATULOY NA PAGSULONG NG LOKAL NA INDUSTRIYA NG MUSIKA, NASAAN NGA BA ANG MUSIKA MULA SA IBANG REHIYON?

Il ang taon na ang nakalipas mula nang lumabas ang isyu ng "pagkamatay" ng lokal na industriya ng musika sa bansa. Marami-rami din ang sumali sa diskurso, nakialam, at tumugon. Gaano man katagal ang inabot at aabutin pa, patuloy na nagsisikap ang mga tunay na may pakialam sa musika ng bansa upang patuloy pang payabungin ito. Kasabay ng unti-unting "muling pagbangon" ng industriya, mukhang nangangailangan ng pangungumusta sa ibinibigay na pagkilala sa mga musikerong mula sa labas ng Maynila.

PAGKILALA SA INDEPENDENT SCENE

Sentro sa industriya ng musika ang pagkakaroon ng kakayahang maipalaganap ang mga awiting nililikha. Iba't ibang media ang gamit para dito: nariyan ang mga album at Extended Play, live shows sa iba't ibang lugar, gayundin ang social media at iba pang applications sa Internet. Ang maging bahagi ng isang record label at maipatugtog sa radyo o TV pa rin ang nananatiling pinakamadaling paraan upang maipalagap ang musika ng isang mang-aawit sa ating bansa, subalit hindi ganoon kadaling makapasok at maging bahagi ng komersiyal na mundong ito.

Bunga nito, patuloy na nabubuhay ang independent music scene sa iba't ibang bahagi ng bansa. Parami nang parami ang mga bagong bandang nagbabahagi ng kanilang musika, gayundin ang mga gig sa iba't ibang bars, katapusan man o kalagitnaan ng linggo. Para kay Jensen Gomez, bokalista ng bandang Jensen and the Flips, "Ngayon, sobrang nakatutuwa ang indie scene kasi napakaraming magagaling na banda. Kahit ano ang nararamdaman mo, sigurado akong may bandang puwede mong mapakinggan sa gigs at sa Internet."

Dumarami na rin ang mga bagong medium na kumikilala sa mga likha ng independent artists. Nariyan ang mga gig series ng Sonic Boom at Jack Daniels; music merchandise stores gaya ng Built By Sonic at Nick Automatic; online platforms tulad ng Radio Republic, Vandals on the Wall, NDFY.me; at marami pang iba. Isa sa mga nasabing online platform ang Amplify.PH, isang website kung saan maaaring mag-download ng de-kalidad at orihinal na lokal na mga awitin, at kilalanin ang mga musikerong nasa likod ng mga kantang iyon. Lahad ni Dylan Pizarro, Music and Artist Relations Head ng Amplify.PH, itinatag at nagpapatuloy ang Amplify.PH para sa pangunahing layunin ng pagtulong sa mga musikerong Filipino, lalo na sa mga nasa independent scene.

Para sa kanya, may iba ring timpla ang musika mula sa independent musicians. "Iba ang nibel ng gutom kung nasa independent scene ka at nais mong patunayang may magagawa ka. Saan pa sa mundo ka makakikita ng musikerong may dalawang day jobs, may pamilyang itinataguyod, bahagi ng tatlong banda, at nakagagawa pa rin ng musikang maipagmamalaki talaga? Sinasalamin ng musika nila 'yong hirap at sarap na kaakibat ng pagtugtog."

MUSIKANG REHIYONAL

Hindi pahuhuli pagdating sa talento ang mga musikerong mula sa ibang rehiyon. Pagbabahagi ni Gomez, "Maraming mga bandang magagaling mula sa ibang parte ng bansa. N'ong tumugtog kami para sa Fete de la Musique Cebu 2012 at 2013, may mga nakasama kaming banda mula sa Cebu, Davao at Bacolod. I was really blown away by the bands there."

Higit sa pagtatangkang sumikat sa Maynila o maging bahagi ng mainstream, pangunahing layon ng karamihan sa mga musikero ang maipakilala muna ang kanilang likha sa sari-sarili nilang komunidad. Mula rito, saka sisikaping ipakilala sa kabisera o sa iba pang bahagi ng bansa at mundo ang musika. Ilan sa mga grupong nagsisikap na kilalanin at payabungin ang eksena sa kani-kanilang lokalidad ang Indie Iligan at Davao Music Nation.

"Masasabi naming dahan-dahang umaasenso [ang industriya ng musika sa Davao]. Parami nang parami ang mga lokal na mga grupong gumagawa ng kanilang sariling musika at inilalabas ang mga ito sa publiko. Dumarami na rin ang mga lokal na grupong nabibigyang-pansin at nakikilala dahil sa kanilang musika, sa tulong na rin ng teknolohiya," pagbabahagi ng core group ng Davao Music Nation.

Gayunman, nagiging sagabal sa pag-usad ng eksena ang mababang pagtingin sa independent scene. "Nakasanayan na ng mga tao na kapag lokal o indie na banda 'lang' ay hindi kasing ganda ang kalidad ng musika nila kung ikokompara sa mga mainstream na banda, o grupong parati nilang naririnig sa radyo o napapanuod sa telebisyon. Ito marahil ang pinakamalaking hadlang sa pag-usad ng eksena dito sa Davao. Ito rin ang pangunahing rason kung bakit namin naisipang bumuo ng platapormang makakatulong sa mga musikero dito sa Davao."

Kuwento naman ni Boknoy Buhisan, gitarista ng bandang Browse In Bridge at isa sa mga nagtatag ng Indie Iligan, "Noon, dominado ng punk-rock ang eksena sa Iligan. Pero sa paglipas ng mga taon, lumawak ang iba't ibang klaseng tugtugan at nakikinig." Layon ng website na indieiligan.com na maipakilala ang mga banda mula sa Iligan, gayundin ang mga kanta, album at gigs nila.

Pagbabahagi ni Pizarro ukol sa suportang natatanggap ng mga musikero mula sa kani-kanilang lokalidad, "Sa tingin ko pareho naman 'yong pag-iisip ng karamihan sa mga tagasuporta ng independent music scene sa Pilipinas, lalong-lalo na kapag galing silang Laguna, Baguio, Cebu, Davao, Iligan, Sorsogon, Dumaguete [o kung saan pa]. Kapag galing sila sa ibang rehiyon, tapos lumipat sila sa Maynila para subukin ang kanilang suwerte dito, sabihin na lang natin na 90% of the time, ibang klase ang support suportang ibinibigay sa kanila ng mga lalawigan nila."
"

MAYNILA BILANG SENTRO NG INDUSTRIYA NG MUSIKA

May pagkataliwas naman dito ang karanasan ng punk rock band na Drop Decay. Tubong Cebu, isa ang Drop Decay sa mga bandang rehiyonal na unti-unti nang nakikilala sa Maynila, sunod sa yapak ng mga grupong sumikat noong kalakasan ng kulturang banda gaya ng Urbandub at Fastpitch. Ayon sa kanila, masasabing "patay" ang industriya ng musika ngayon sa Cebu, dahil karamihan sa mga musikero'y nagnanais na pumunta ng Maynila. Gayundin, tila nauubos na ang mga lugar na maaaring ganapan ng mga gig. Ayon kay Vince Lucero, gitarista, "May local bar talaga kung saan nagtatanghal ang mga lokal na banda [sa Cebu], tapos nagsara. 'Yon 'yong huling pag-asa ng mga banda, eh."

Gayundin, mas matatag ang nabuo na nilang fanbase dito sa Maynila, mula nang madiskubre sila ni Alex Lim ng Sonic Boom Philippines at maimbitahang buksan ang palabas para sa international acts na sina William Beckett, There For Tomorrow at Every Avenue. Pagbabahagi ni Tony Alfonso, bokalista, "We have stable supporters here in Manila. Meron naman sa Cebu, pero mas kalat. Di tulad sa Manila, masasabing united talaga sila. Sama-samang pumupunta sa parehong mga gigs, nag-i-interact sa social media. Sa Cebu, people have their inhibitions."

Ukol naman sa kabuuan ng industriya, itinurong isa sa mga dahilan ng sinasabing pagkamatay nito noon ang pagiging "Manila-centric" ng eksena, lalo na ng mainstream. Matatagpuan sa Maynila ang karamihan sa mga oportunidad sapagkat ito ang kabisera ng bansa at siya ring sentro ng kalakalan. "I think the whole Manila-centric viewpoint comes from the fact na Manila 'to e. This is the bed of media. Ito ang capital. Nandito lahat ng malalaking istasyon ng radio with international



"Success for me would be being able to do this after how many years, and living comfortably. Not rich, but just making a difference, impacting lives with our music and being able to live off of that. As long as we have the privilege to call it our living."

-Tony Alfonso, Bokalista, Drop

capabilities. Nandito 'yong malalaking website. Dito nakabase lahat ng negosyo," lahad ni Pizarro.



All we have to do is make it work. Dapat lang magtulungan 'yong artists, bars/venues, managers, labels, media, and 'yong audience. Kasi minsan dahil sa internet at sa bilis ng buhay ngayon, 'yong audience gusto nila libre lahat. But if they really want to support the industry here - go to gigs, buy the music, and share the music. That's how they can help.

SUKATAN NG TAGUMPAY

Gayunpaman, sukatan nga ba ng tagumpay ang pagsikat sa Maynila? Dagdag ni Pizarro, "Para sa ilan, oo. Musikero man o ordinaryong manggagawa. Gayunman, hindi ibig sabihin nitong walang malalaking pag-unlad na nangyayari sa Cebu, Iloilo, o Bicol. It's an exposure thing. Tingin-tingin ka lang sa ilalim ng sulok-sulok diyan, may mga astig din diyan. Manila-centric siya kasi nandito lahat e pero I think people have to start looking at different things as well again because there's a lot of great Filipino music sa lahat ng rehiyon ng Pilipinas."

Pangarap din ni Alfonso para sa kanyang banda ang maging bahagi ng industriyang mainstream. Gayunman, kinikilala niya bilang pangunahing indikasyon ng tagumpay hindi ang pagsikat sa anomang rehiyon, kundi ang patuloy na pagtugtog bilang hanapbuhay, at pagkita ng pera sa propesyong alam mong sadyang gusto mo. "Success for me would be being able to do this after how many years, and living comfortably. Not rich, but just making a difference, impacting lives with our music and being able to live off of that. As long as we have the privilege to call it our living."

IMPLUWENSIYA NG TEKNOLOHIYA

Sa kasalukuyang panahon, laganap ang pamimirata at mahirap nang kumbinsihin ang taong magbayad para sa musika dahil sa pag-unlad ng teknolohiya. Nangangailangang aktibong sumabay ang industriya upang hindi ito mapag-iwanan ng merkadong nag-iiba na rin ang pagkiling. Kaugnay nito, umusbong ang iba't ibang online platforms kung saan maaaring magbahagi ng musika at makipag-ugnayan sa kanilang mga tagahanga ang musikerong Filipino. Sa kasalukuyan, may higit sa 200 artists (300 kung isasama ang mga compilation) ang bahagi ng Amplify.ph. Internet din ang pangunahing medium ng Indie Iligan, Davao Music Nation, at mga katulad na grupo para sa pagpapakilala sa musika ng kani-kanilang lalawigan o siyudad.

Kung epektibong magagamit, malaking tulong rin ang social media sa pagpapayabong ng kasalukuyang industriya, saanman nakabase ang musikero. Ani Alfonso, "Sa tingin ko, pantay na lang kami sa mga banda mula sa Maynila, kasi sa pamamagitan ng social media, hindi mo na kailangang mag-gig kada linggo. Ang sinusubok namin ngayon, pumunta kada 2-3 buwan, at sa ngayon, gumagana naman ito para sa amin."*

Gayundin, pagbabahagi ni Gomez, "Napakalaking tulong ng Internet sa lahat ng mga artist ngayon. For one, most of it is free. You can share your music for free. Maraming sites na makakakuha ka ng libreng mga kanta galing sa bandang gusto mo straight from the gigs. It's very convenient. Napakadaling mag-promote, mag-post, share, like and tweet for you to get your music out there."

LABO-LABO, HALO-HALO

Habang patuloy nating nilalagpasan ang mga balakid ng lokasyon, genre, semantics, dinamiko sa pagitan ng indie at mainstream, atbp.; at umuunlad ang musika hindi na lamang naaayon sa batayan ng panlasang nasyonal kundi ng mundo, saan na nga ba papunta ang lokal na industriya ng musika?


Para kay Alfonso, "Quality-wise, it's going up. With technology now, anyone can record. It's easy to make songs and get it out. I have high hopes for the industry. I think it's taking a more global approach, the music here. You have bands like Jejaview, Faintlight, all those bands that draw a lot of influences from international bands. Everyone does it for the purpose of sounding good internationally. No one's trying to be content with local sound anymore."

Para sa Davao Music Nation, patuloy na yayabong ang industriya ng musika sa kanilang siyudad basta't magpapatuloy sa paggawa ng musika ang iba't ibang banda at grupo. "Maraming mga tagasuporta ng lokal na industriya ang lumalabas ngayon, at kung magpapatuloy, magiging mas aktibo at mas produktibo ang industriya ng musika sa Davao. Naniniwala kaming handa na ang mga tao para sa iba't ibang musika, at hindi lang revivals ng classic hits o estilong pop rock na mula pa sa dekada '90."

Higit na suporta naman ang inaasahan ni Gomez, "Sana masuportahan ng mga tao dito 'yong eksena. Para di kami tumigil sa paggawa at pagtugtog. All we have to do is make it work. Dapat lang magtulungan 'yong artists, bars/venues, managers, labels, media, and 'yong audience. Kasi minsan dahil sa internet at sa bilis ng buhay ngayon, 'yong audience gusto nila libre lahat. But if they really want to support the industry here- go to gigs, buy the music, and share the music. That's how they can help."

Hindi pa rin magiging madali ang daang tatahakin, subalit sa tamang pagtatalaban ng musikero, industriya, tagapakinig, at iba't ibang media, kasalukuyang patungo ang musikang Filipino sa mas magandang bukas. "Sa tingin ko, malaking bahagi nito ay sadyang napakahirap gawin- ang baguhin ang nakasanayan na. Patuloy na ihahain ng mga kompanya at korporasyon kung ano ang musikang 'mabenta,'" pahayag ni Pizarro.

"Nangangainlangan ng pagbabago ng pagtingin, na hindi dapat balewalain ang independent at regional scene. Nandito ito, atin ito. May astig na musikang hindi naipapakita ng mainstream."



ILANG MUSIKERO MULA SA IBA'T IBANG REHIYON

URING MANGGAGAWA HUKBONG MALAYA?

KUMUSTA NA ANG LAGAY NG MGA UNYON SA BANSA NGAYON?

NI RAY JOHN SANTIAGO, SINING NI KAMILLE YU
LAPAT NI BENJHOE EMPEDRADO

Ayon sa ika-limang bahagi ng Labor code ng bansa, nilagdaan noong Mayo 1, 1974, nakasaad ang kakayanan ng isang manggagawa na bumuo ng isang kolektibo. Karapatan ng isang manggagawa ang magtaguyod ng isang grupong mayroong kakayanang makipagtalastasan at makipagnegosasyon sa administrasyon ukol sa iba't ibang gulong pang-industriya.



Ilang pagbabago at karagdagan na ang naganap sa Labor code. Ilang taon na rin ang nakalipas matapos ang diktaduryang Marcos at ang pagkakataguyod ng batas na ito. Ngunit sa harap ng maraming pagbabago liban sa panahon, kumusta na nga ba ang mga unyon sa ating bansa? Natutupad nga ba nila ang karapatdapat para sa ating mga kawawang manggagawa?

MABILIS NA PANAHON: REHIMENG MARCOS AT ANG PAGKATAPOS NITO

Noong panahong humihina ang kilusang komunista sa bansa noong 60's, nasa kamay ng mga komunistang intelektuwal – mga kabataa't estudyante – ang muling pagpapayabong ng lumulubog na kilusan. Ang pagsasalin ng radikal na kaisipan ng kilusan tungo sa direksyon ng mga grupong mangaggawa ang isa sa mga naging epekto ng muling pagyabong ng kilusan komunista.

Bilang tugon sa lumalalang gulo ng bansa, idineklara ng dating pangulong Marcos ang Martial Law, kung saan lalong nagkaroon ng paninikil at pagpigil sa mga kilusang manggagawa.

Ayon kay Carmel V. Abao, isang guro ng agham pampulitika sa pamantasan ng Ateneo de Manila, dalawa ang paraan ng dating pangulo sa pagsupil sa mga "pasaway" na mga unyon – "lagi naman yang carrot and stick".

"What he did, he also has a stick, jailed some of the union leaders etc. maraming namatay"

Ngunit aniya, malaking bagay parin ang "carrot", o yung pakikisama mo sa ibang unyon. Kasama na rin dito ang pagsasabatas ng Labor code, na isa rin lamang pain ng dating pangulo.

Ayon kay Abao, isang malaking estratihiya ang pagkampi sa iilang kilusang manggagawa na magsisilbing "warden".

"Kung may [kakausapin] na yung estado na manggagawa, kayo na yun. Kayo na yung representative niya. Yun ang ideya ng TUCP(Trade Union Congress of the Philippines)". Sa katunayan, ang kagustuhan talaga ng rehimeng Marcos ay ang magkaroon ng isang "umbrella" group kung saan mapapabilang ang mga unyon.

Dahil sa paghina ng mga kilusang manggawa, buhat ng pagsasabatas ng Labor code (na naging instrumento rin lamang ng pangulong Marcos) at pagkakataguyod ng TUCP (nasa ilalim din ng rehimeng Marcos), at pagkakawatak-watak ng ilang unyon sa ilalim ng TUCP, itinatag ang KMU o Kilusang Mayo Uno. Dahil dito hindi na lamang limitado sa "economic unionism" – pagtutok sa isyu ng sahod – kundi tumungo narin ang mga unyon sa "political unionism, kung saan nakatuon sa pagkakaroon ng politikal na kapangyarihan ang proyekto ng ng mga nasabing unyon.

Matapos ang kaguluhan at ang tagumpay ng EDSA Revolution, nagtatag muli ng bagong sentrong pangmanggagawa ang pamahalaan ni Aquino. Dito itinatag ang Labor Advisory Consultative Council (LACC) kasama ang KMU. Nagkaroon ng kaunting karapatang pangreporma ang mga kilusang manggagawa.

Mula naman sa pamumuno ni Ramos patungo sa kasalukuyan, mas binigyang diin muli ng mga kilusang manggagawa ang political unionism kung saan nagkaroon ng malawakang kampihan ang iba't ibang unyon at nagkaroon ng kagustuhang makapagluklok ng kinatawan sa kongreso.

Matapos ang ilang pagbabago sa World Bank at International Monetary Fund (IMF) umusbong at nanaig ang liberalismo at globalisasyon sa bansa.

Sa ngayon, ang kasalukuyang malalaking kilusan ay ang KMU, na nagkaroon ng pagkakahiwahiwalay, at ang TUCP, siya ring nahati sa dalawang grupo, sa pagitan ng dating senador Ernersto Herrera (siyang pangunahing gumawa ng Herrera Law) at ni Democrito "Kito" Mendoza.

Liban sa dalawang grupong ito, mayroong mga unyon ang piniling mapunta sa gitna. Sila ang mga unyong hindi kumakampi sa takbo ng kahit anong ideyolohiya, mapa-kaliwa man o TUCP.

KASALUKUYANG SULIRANIN

Sa panahon ngayon, hindi lamang umiiral ang mga problema ng isang unyon tungo sa labas ng organisasyon. Nagkakaroon din awayan at bangayan sa loob o pagitan ng mga unyon.

Isa sa pinakamalking suliranin ngayon ng mga unyon ay ang bumababang bilang ng mga miyembrong sumasali sa kilusan. "Ang [sukat] naman kasi ng [lakas] ng unyon ay union density, sa lahat ng [pwedeng] mag-unyon, iilan ang naguunyon" ani ni Abao.

Kapansin-pansin ang pagbabang ito. Noong 2001, ayon sa Bureau of Labor and Emplyment Statistics (BLES), ang bilang lamang ng miyembro ng unyon sa pribado at pampublikong sektor ay nasa mahigit 3.8 na milyon. Wala sa 12% sa kabuuang bilang ng mga manggagawa. Ayon sa BLES, sa parehong taon na iyon, bumaba din ang bilang ng mga Collective Bargaining Agreements (CBA) na naipasa.

Noong 2004 naman bumaba naman ito sa 555,000 ang bilang ng mga "unionized" na manggagawa. Lalong bumaba papunta sa 319,408 noong 2010.



Kasi kahit 'personality' man yan o hindi, kung hindi naman talaga represented yung mga members wala pa ring mangyayari.

Carmel Abao, Propesor ng Agham Pampulitika, Pamantasan ng Ateneo de Manila

Ayon kay Abao,"[sa mga makabagong lipunan at bansa], union density nila nasa 80%. Halos lahat ng manggawa kasama sa unyon. Dito sa atin [sa tingin ko] umabot tayo ng mga 25 to 26, pero ngayon 10 percent."

Aniya, isa sa mga posibleng dahilan ng pagbabang ito ay ang pagbaba din ng ekonomiya ng bansa. Kasama na rin dito ang isyu at penomena ng contractualization. Ang kapanyarihan ng isang unyon ay nakasalalay sa dami ng miyembro nito."Mamamatay ang pabrika kung wala kayo [manggagawa]."

Pero dahil nga sa kakulangan ng trabaho at tuluyang pagtaas ng unemployment rate, hindi na natatakot ang mga kompanyang magtanggal ng miyembro. Marami naman kasi ang naghihintay ng trabaho. Ika nga ni Abao, "surplus of labor".

Sumasabit na rin dito ang problema ng globalisasyon at kontraktuwalisasyon. Dahil sa pagdami ng nakakontratang miyembro ng isang kompanya, lalong lumiliit ang bilang ng mga miyembro ng unyon. Ani ni Abao, kahit na nakasaad sa batas na pwedeng maging miyembro ng mga unyon ang mga nakakontratang manggagawa, hindi naman din para sa kanila ang mga kasunduang napag-uusapan.

Aniya "[Sa kanilang pagtingin, wala namang namumuhunan sa mga nakakontratang manggagawa], diba? Aalis din yan. Mapa-unyon ka, mapa [sa namumuno] ka, hindi mo siya (kontraktuwal) isasama, kasi yun nga ang [hinuha] nila. Transient lang naman yan eh, mawawala yan."

Dahil dito lalong lumiliit ang bilang ng miyembro ng unyon. Ani pa nga ni Hansley Juliano, isa ring guro ng agham pampulitika sa Pamantasan ng Ateneo de Manila, "kalaban pa nga ang tingin sa kanila ng 'regular' na manggagawa". Aniya, hindi lamang nawawalan ng pundasyon ang isang unyon dahil sa kanila, kundi naagawan pa ang mga regular ng trabaho.

HIWAHIWALAY

Lalo pang pinahihina, hindi lamang ng mababang bilang ng miyembro, kundi pati narin ang pagkakaroon ng "fragmented" na kilusan ang kabuuang lakas ng kilusan ng mga manggagawa.

Ani ni Juliano, hindi nanaman nagkakaroon ng mga bangayan ang mga partido sa nibel ng idelohiya. Paminsan mga personalidad na lang mismo ang nagkakaroon ng bangayan sa pagitan ng dalawang unyon. Tingnan na lamang natin ang kasalukuyang kundisyon ng mga kaliwa ngayon o bansa, o kaya'y ang pagkakahati ng TUCP.

Ngunit ayon naman kay Abao, hindi naman mawawala ang ideya ng isang personalidad sa loob ng isang organisasyon. Aniya "[Kitang-kita] naman

diba, may mga 'personality' talaga. [Pareparehong tao na lang ang lagi mong nakikita]. [Ngunit ang pinakaimportanteng tanong sa isang organisasyon o unyon, ay pamumuno – 'leadership'].

Aniya ang importante sa isang organisasyon ay kung mayroon itong demokrasya, kung saan ang talagang nasusunod ay yaong mga manggagawa at hindi lamang iyong pinuno. "Kasi kahit 'personality' man yan o hindi, kung hindi naman talaga represented yung mga members wala pa ring mangyayari."

Kung kaya't magkaroon man isang uri ng "power play" sa loob ng organisasyon, kung matatag at demokratiko naman ang ayos ng organisasyon, masusunod at masusunod din ang mga nangangailangan – ang mga manggagawa.

Ang demokrasya ng isang organisasyon ang binigyang pansin naman ni Juliano. Ayon kay Juliano, dahil sa pagkiling ngayon ng mga kilusan sa mas pulitikal na unyon, nakikianib sila sa iba't ibang partido pulitikal. Isang halimbawa ang KMU (isang kilusan) at BayanMuna (isang partido pulitikal).

Ang nakakatakot "Ikaw ang [kilusan], nagpadala ka ng kinatawan sa partido. Ang nangyayari, dahil mas 'professionalize' ang mga partido mo, yung [kilusan] mo parang nagigging kliyene ng partido. Nasa partido kung tutulungan ka nila o hindi."

Hindi dapat ganito. Ani ni Juliano, "[Ang partido ang siyang dapat magsilbi sa mga kilusan.]"

IDEYOLOHIYA

Malaki ang epekto ng ideyolohiya sa larangan ng isang kilusan. Isa ito sa nagiging dahilan ng paminsang kaguluhan sa pagitan ng dalawang unyon o kaya'y sa loob mismo ng organisasyon. Ang tanong, mahalaga pa ba ang ideyolohiya?

"Pag sinabi mo bang ideyolohiya, ano ba talaga ang pinaguusapan mo?" Ayon kay Juliano, maari ito maging salaming ginagamit para sa pagsusuri o kaya'y mga batas na hindi nagbabago. Para kay Juliano, importanteng bigyang pansin ang pagbabago sa mga ideyolohiyang ginagamit. "Nagbabago kasi yan."

Para naman kay Abao, pumapasok ang ideyolohiya dahil alam ng mga kilusanng hindi sila mabubuhay kung walang mas malaking "movement". "Halimbawa, [paano mo lalabanan ang] contractualization? [Ito isang pampublikong polisiya. Hindi mo mababago ang isang polisiya kung nasa loob ka lang ng nibel ng 'workplace']. Kahit anong gawin mo, hangga't hindi mo nagagalaw yung 'public policy', walang mangayari." Ani ni Abao. "[Para gumana ang isang unyon nangangailangan ng isang malaking pakikisama]".

Nakakatuwang isipin na ang isang mangaggawa ay hindi naman talaga gumagalaw tungo sa pagbabago ng mundo. Mas gusto lang talaga nila ng 'better benefit'. Pero dahil sa kagustuhan na ito, bumubuo ang isang manggagawa ng isang unyong makikipagusap sa pamunuan. Sa paraang ito nagkakaroon ng pagbabago sa relasyon ng kapangyarihan, at ito ay isa nang malaking pagbabago.

Ani ni Abao, ginagamit ang ideyolohiya upang mabasa ang galaw ng 'workplace'. Para kay Abao, tumataas ang kamalayan ng mga manggagawa dahil sa ideyolohiya.

Ngunit para kay Abao at Juliano, may gamit man ang ideyolohiya, malaki rin ang negatibong epekto nito. Dahil lamang sa ideyolohiya nagkakaroon ng 'fragmentation' sa pagitan ng mga kilusan, at nakababawas ito sa lakas ng isang kilusan. Sino nga ba ang kaliwa? Sino ang liberal? Sino nga ba ang mas kaliwa sa 'kaliwa'. Ayon kay Abao, "Minsan, [imbis na punteryahin ang isyu, nauuwi na lamang sila sa usapan ng ideyolohiya], eh wala naming silbi yun."

PATUNGO SAAN?

Sa ngayon, masasabi nating bata pa ang kilusan ng mga manggagawa kumpara sa katabing bansa. Hindi lamang ito ang nakakaapekto sa kasalikuyang lagay ng mga unyon, kung hindi pati na rin lagay ng ekonomiya ay nakakaapekto rito.

Ayon kay Abao at Juliano, natututo na ang mga kilusang magkaroon ng "political education". Hindi na lamang naiiwan sa larangan ng mga 'strike' at 'rally' ang sandata ng mga kilusan. Marunong na rin silang makipagtalastasan sa retorika ng polisiya.

Pinipilit na rin ng ibang kilusang makisama sa iba't ibang kilusan. Ani ni Juliano, alam na naman nila na pareho lang sila ng kalaban: globalisasyon, kontraktuwalisasyon at "privatation". Kung kaya't isinasama na nila ang mga kontraktuwal sa kani-kanilang kilusan.

Ayon kay Abao, dati ang TUCP ay hindi kayang makipagusap sa mga kaliwang kilusan, ngayon nag-iiba na ang ihip ng hangin at nagkakaroon na nang negosasyon sa pagitan nila at ng mga kaliwang kilusan.

Hindi lamang iyon, ayon kay Juliano, mas bukas na ngayon ang mga unyon sa pakikipagusap sa ilang kawani ng pamahalaan lalo na ang DOLE at DTI. Nakikipagusap na sila sa mga ito at nagkakaroon na nang pakikisama, kahit kakaunti.

Para kay Abao at Juliano, natututunan na nang ibang makisama sa kani-kanilang mga unyon. Alam nang namumuno na kailangan nila ang mga manggagawa kung kaya't nakikipagusap na sila.

Ngunit mababaw parin. Ang kasalukuyang administrasyong Aquino ay binibigyang halaga ang "import industry" kung kaya't malaki ang kakulangan ng "Domestic Industry". Marami parin ang kontraktuwal at ang walang trabaho. Mailap pa rin sa dating pangulo ang pagtaas ng sahod at malala sa malala negatibo ang tingin niya sa mga unyon kung pagbabasihan ang komento niya sa Philippine Airlines Employees' Association (PALEA).

Ano kaya ang susunod para sa mga manggagawa, ngayon magtatapos na ang termino ng pangulo, ngayon malapit nanaman ang eleksyon. Makamit kaya natin ang karapatdapat para sa ating mga manggawa? Nananatili man ang pait para sa mga manggagawa, sa tumataas na kamalayan nila, mayroon paring natitirang kalinawagan.

NI JOSEPH BAUTISTA AT JOSE MEDRIANO III
SINING NI AIKA REY
LAPAT NI DYAN FRANCISCO



DISKURSO ADBOKASIYA IDEOLOHIYA

Madalas nang nangyayari ang 'failure of elections' sa Sanggunian Elections. Simula noong General Elections 2013 hanggang sa General Elections 2014 –kung saan hindi umabot sa quota ang mga kandidato para sa Top 4 – nabuhay ang diskurso sa kung ano nga ba talaga ang rason sa pagkaroroon ng 'failure of elections'.

Nagkaturuan ng mga daliri kung sino nga ba ang dapat sisihin. Nakatingin ang ilan sa Sanggunian, anila'y wala nang saysay ang burukrasya nito. Ang ilan nama'y sa mga mag-aaral sa kadahilanang bunga raw ito ng kanilang katamarang bumoto. Magkagayon, may katotohanan man ang mga pahayag na ito, hindi rin nararapat kalimutang isama sa diskusyon ang malaking pagkaka-ugnay at ang mabigat na responsibilidad na dinadala ng mga partido pulitikal sa Loyola Schools.

CRUSADA AT IGNITE

Katatapos pa lang ng halalan ngunit marami sa atin ang nakakikilala lamang sa mga pulitikal na partido base sa mga mukhang ibinabandera nila sa buong campus sa kasagsagan ng eleksiyon. Marami sa atin ang hindi pa rin nakakaalam sa kanilang mga ideyolohiyang pinaniniwalaan at mga adbokasiyang isinusulong bilang partido pulitikas.

Sa kasalukuyan, tatlong pulitikal na pormasyon ang namamahala sa pagpapayabong at pagsisimula ng pulitikal na diskurso sa loob ng pamantasan: ang Christian Union for Socalist and Democratic Advancement (CRUSADA), Ignatian Initiative for Transformative Empowerment (IgnITE), at Alliance of Student Leaders (ASL). CRUSADA lamang ang kinikilalang partido sa Ateneo, habang koalisyon pa lamang talaga ang IgnITE at ASL. Ngunit tawagin na rin nating partido pulitikal ang tatlong pormasyong ito.

May mga kanya-kanyang adbokasiya, proyekto, at pinapairal na ideyolohiya ang mga pulitikal na partido sa Ateneo na nagpapabukod-tangi sa kanila.

Isang sistema o lupon ng mga ideya na gumagabay sa pagkilos ng tao ang isang ideyolohiya. Nagsisilbi rin itong lente sa pamamagitan ng pagbibigay ng kakaibang paraan ng pagtingin sa lipunan.

Naniniwala ang IgnITE sa ideolohiyang libertaryanismo. Pinapahalagahan nila ang kalayaan bilang pangunahing prinsipyo. Binibigyan din nila ng importansya ang indibidwal at sinusulong ang kanyang kalayaan sa pagpili.

'Ignite runs under libertarian ideology which means they [we] give importance to the individual. They [we] run under the non-aggression principle... We believe that the individual has the capacities and the capabilities. It's just that social constructs or social issues prevent him from being able to have human flourishing. Therefore as Ignite, we try to intervene by helping them -- if not totally obstruct that social construct; help them through that social construct in a way so they could still advance in society,' ani ni Luigi Del Rosario, IgnITE President.

Sa kabilang banda, pinaniniwalaan ng CRUSADA ang ideyolohiyang social democracy.

"Social democrats kami. So we believe in four principles: equality, solidarity, justice, and freedom," pahayag ni Abbo Hernandez, CRUSADA Premier.

Katulad ng IgnITE, umiikot din sa kalayaan ang ideyolohiya ng CRUSADA. Ngunit ang paglaban ng CRUSADA para sa mga marhinalisado ang nangingibabaw na adbokasiya nila na naghihiwalay sa kanila sa IgnITE. Para sa CRUSADA, ang mga taong nakabaon sa labas ng dominanteng naratibo ang mga totoong marhinalisado.

Kaakibat ng mga ideolohiya ng mga pulitikal na partido na ito ang mga proyekto nila. Dito naisasalamin ang kanilang mga adbokasiya at mga gustong isulong at iparating sa lipunan.

Sa loob ng apat na taon, naglabas ang CRUSADA ng humigit-kumulang dalawampu't limang paninindigan sa iba't ibang isyu. Gumagawa rin sila ng proyekto tulad ng martial law forum, Maguindanao massacre prayer vigil atbp. Ayon kay Hernandez, umiikot ang mga proyekto nila sa pagtutulong sa mga marhinalisado.

Nagkasundo naman ang IgnITE at si Efren Peñaflorida, ang 2009 CNN Hero of the Year, at ang Dynamic Teen Company upang simulan ang Kariton Klasrum dito sa Ateneo. Gumagawa rin sila ng serye ng sosyo-pulitikal na diskurso tulad noong Dugong Bughaw: Ateneo During the Time of Martial Law na naganap noong nakaraang Agosto 1.

"Ang generation natin, no one was alive during that time so obviously, no one can say that they have first-hand knowledge or experience of the situation and so nagiging blurred reality siya for us that we couldn't properly make stands on issues and so we thought that why not invite speakers who were — if not experts on studying the field — but who were actually there during martial law.", ani ni Del Rosario.

Sumasailalim naman ang AL sa isang pagsasaayos ayon kay Ray Gomez, ang kanilang Chairperson.

Identidad ng mga partido

May mga adbokasiya at ideyolohiya na ipinapadala ang mga pulitikal na partido upang mas mapatuloy pa nila ang pulitikal na diskurso sa lipunan. Sa Ateneo, nandito ang patuloy na diskurso ng mga nagkatutunggaling mga ideyolohiya ng CRUSADA at IgnITE upang isabuhay ang diskurso. Sa kasamaang palad, kakaunting tao lamang ang nakapapansin nito.

'Kaya nawawalan ng value yung political activity sa Ateneo kasi minsan nagkukulang sa appreciation of what political parties are supposed to be doing,' ayon kay Hernandez.

Tingin ng maraming tao na puntahan lamang ang mga partido sa Ateneo sa panahon ng eleksiyon. Nariyan kasi ang mga partido upang tulungan ang kanilang mga kandidatong mangampanya at gumawa ng mga promosyonal na materyales. Narito para sa mga kandidato sa panahon ng eleksiyon ang mga bagay tulad ng mga body tags, profile picture at cover photo sa Facebook, atbp. Ngunit intindihin natin na hindi lang hanggang

dito ang kanilang trabaho.

Narito rin ang mga partido upang humubog ng mga miyembro. Sa pagtuturo ng mga ideyolohiya at mga iba pang mga konsepto na pinapairal ng partido, magkakaroon ng bagong pagtingin ang mga miyembro nila sa mundo.

'Ang analogy ko diyan ay laging: Bakit ka sasali sa political party versus being active in your home orgs? Kapag sumali ka ng home org mula freshman ka, at lumaki ka sa home org na yun, matututo ka lang umoo ng umoo. Kung ano ang nangyayari sa nakaraan, ipagpapatuloy mo lang at ipagpapatuloy. [...] Kung lumaki ka sa political party, tinuturuan ka nilang mag-isip at tinuturuan ka nila mag-isip para sa sarili mo, hindi ikaw yung tagapagpatuloy lang ng proseso.' Ayon kay Luigi del Rosario.

DISKURSO

Sa kabila ng bulto-bultong proyektong inillulunsad taon-taon ng iba't ibang pulitikal na partido, halatang di pa rin napayayabong ang pulitikal na diskurso sa pamantasan. Dahil walang maganda at maayos na pulitikal na diskurso, nawawalan ng interes ang mga mag-aaral na makibahagi sa mga pulitikal na aktibidad katulad ng eleksiyon na maaaring maging katalista ng mga tinatamasa nating failure of elections sa mga nakaraang taon.

"Dahil ang nangyari, nagkaron nga kami ng events pero lahat sila kumbaga, pasikatan lang ng kandidato," pambabatikos ni Luigi Del Rosario sa dating pamunuan ng IgnITE.

Isa sa malalaking kamaliang nagawa ng ibang mga partido dati ang pagpapakilala lamang sa mga kandidato. Hindi nakasasagot sa tanong ng nakararami ang simpleng pagpapakilala lamang. 'Bakit ba ako boboto?' ang madalas na itinatanong ng mga tao. Nagmistulang labanan sa relasyon sa publiko ang eleksiyon, hindi nito ginawang aktibo ang pulitikal na diskurso.

"Kasi ang nangyari, sure naglalabas sila ng mga events pero sila-sila rin lang ang nakikibahagi sa mga events na 'to. Hindi siya masyado umabot sa student body enough for them to believe in the things that CRUSADA does and enough for them to actually vote for Crusada and ASL.", ayon kay del Rosario.

Alinsunod sa pahayag na ito ng IgnITE President, marami nga ang mga proyekto para sa diskurso, pero saan nga ba umaabot ang mga proyektong ito? Sila-sila rin lang naman ang pumupunta sa mga prayer vigil, forums, general assemblies at kung anu-ano pang aktibidades na ginagawa nila para makagawa ng diskursong pulitikal sa loob ng pamantasan.

Maraming mga proyekto pero iilan lamang ang naaabot, ang mga may pakialam at ang mga gustong makialam. Kailan kaya mahihikayat manood ng forum ang mga walang pakialam sa politikal na sistema ng Ateneo. Kailan kaya sila tatanggi sa pagboto dahil hindi sila naniniwala sa adhikain o ideolohiyang pinapamalas sa kanila, hindi dahil sa kadahilanang hindi nila alam ang ipinapakita sa kanila.

"Sila [ang mga partido] dapat yung unang-unang gumagawa ng issue na ibibigay nila sa Sanggunian tapos yung Sanggunian yung magsisynthesize ng lahat ng issues na ito. Kasi mabubuhay lang talaga ang isang political – some sort of political atmosphere in the university if there are political parties who continuously bring issues into their university. [...] So political parties should be able to point out what issues are important," ani ni Hernandez.

Rekisito sa pagkakaroon ng politikal na atmospera sa paaralan ang pagbibigay ng mga isyu sa Sanggunian sa parte ng mga pulitikal na partido. Sa ganitong paraan, mas namamalayan ng mga estudyante na may pagbabago sa pamantasan kada tugon na naibibigay. Responsibilidad ng mga pulitikal na partido na kilatisin ang mga isyu na kinakaharap sa loob ng eskwelahan at ipaalam ito sa Sanggunian upang makapagbigay sila ng maagap na solusyon at magkaroon ng pagpapahalaga ang mga estudyante.

'Kasi sa totoo, dapat ang Sanggunian, isa siyang advocacy-based institution na puntahan ng lahat ng mga adbokasiya [...]. For example, kung gusto ko ipaglaban mga babae, pupunta ako sa Sanggunian at ibibigay ko sa kanila kung ano ang espisipikong problema [...] sila ang sasalo tapos gagawa ng isang batas para tulungan kung ano man yung adbokasiya ko. Dapat ganun yung proseso,' ayon kay Hernandez

ANG TOTOONG PAGBABAGO

Noong nakaraang Agosto 8, inilabas ng Ateneo Commission on Elections (COMELEC) ang resulta ng Freshman / Special Elections 2014 na kung saan umabot sa quota ang Top 4 candidates. Umabot din sa quota ang mga kandidato mula sa freshman batch. Dahil dito, napuno na ulit ng mga opisyales ang nanghinang Sanggunian.

Ngunit kung titignan natin ng mabuti, sila-sila lang din naman ulit ang mga nahalal na mga opisyales. May pagbabago nga ba talaga kung sila-sila lang din ulit ang naka-upo sa opisina? Hindi pa ba sila nabigyan ng sapat ng pagkakataon noon?

Nasa kamay nang mga partido ang totoong pagbabago. Sa patuloy nilang pagtutuloy ng diskurso, paghuhubog ng mga bagong matatalas mag-isip na mga miyembro, at patuloy na pag-engganyo sa mga manghahalal bumoto, dito lang natin makikita ang unti-unting pagbalik ng matalas mag-isip na Atenistang aktibista.

MAMULAT SANA

NI RAY JOHN SANTIAGO

Hindi na superhero ang tapos ni Kaka,
Ang headlines sa umaga, isang bangkay nakita sa isang estero

Noong umaga, tayo'y naglalaro lamang sa may kanto
Ilang takbuhan at patintero, 'di pa uso console games nno

Sa likod ng peryodikong nagsasabing "truth prevails"
isang bulag na mamamayan
Sa likod ng tabloid, lama'y ilang hubad na larawan at ginasahang dilag
ilang katotohanan

Sa likod ng pader ng mga gusali sa Makati
"isulong ang hukbong mapagpalaya!"
Sa likod ng batang naglalaro at nakangiti sa may tabing dagat
gutom na tiyan at kaalaman
Sa likod ng amerikanang suot ng
buwaya
Sa likod ng prositing kinukulayan ng pulang tinta sa may Malate
ina, ate, bunso
Sa likod ng kasalanan
kasiyahan
Sa likod ng isang awit
alak
Sa likod ng paaralang "that goes down the hill"
pera't pangalan
Sa likod ng pangako
Wala
Sa likod ng amang umiiyak, habang hinahanap ang anak, duguan
naghihiganting puso
Sa likod ng plumang sumusulat ng paglaya
baril at bala
Sa likod ng baril at bala
"Hukbong mapagpalaya!"
Sa likod ng bawat panaghoy
awit ng kaluluwa
Sa likod ng sigaw at alingawngaw sa tapat ng Mendiola
luhang tahimik, naghahanap lamang ng kapayapaan
Sa likod ng magsasaka
dugong puhunan sa lupa
Sa likod ng SM
iskwater
Sa likod mo
Sila, naghihirap
Sa likod ng bawat pagmulat
paglaya
Sa likod tula
hiling

Ang Makulay na Kahon

Ni Christine Joy S. Dagatan
Sining ni Dyan Francisco



Isipin ang sarili
Sa loob ng isang maliit at makulay na kahon.
Tumayo sa isang sulok
At humarap sa gitna.

Anong nakikita mo?

Lumipat sa kabilang sulok,
Ipikit ang mga mata
At humarap sa gitna ng kahon.
Anong nakita mo?

Lumipat sa kabilang sulok,
Ipikit ang mga mata
At humarap sa gitna ng kahon.
Anong nakita mo?

Lumipat sa kabilang sulok,
Ipikit ang mga mata
At humarap sa gitna ng kahon.
Anong nakita mo?

Sa paglipat-lipat ng posisyon sa kahon,
Ano ang nakikita mo?
Ngayon, kuhanin ang posperong nasa bulsa,
Sindihan at tingnang muli ang paligid.

Ano na ang nakikita mo?

Naaalala n'yo pa ba?

Hustisya para sa mga biktima ng Maguindanao Massacre!!!

HUSTISYA

2009

Makalipas ang limang taon...

z z z

2014


HUSTISYA?

TUPANG INA!









Bandera

'BRIBED' PROSECUTORS MULL LEGAL ACTION





http://matanglawin-ateneo.org
http://facebook.com/MatanglawinAteneo
@MatanglawinADMU